
THE COOPERATIVE OFFICE FOR CALL AND GUIDANCE AT THE SINAIYAH DAIREE

CARE CENTER FOR NEW MUSLIMS

# MGA PANUNTUNAN SA DA'WAH

KHALID EVARISTO




التجالوج

# Mga PANUNTUNAN sa DA'WAH

*Tinipon Ni :*

**Khalid Evaristo**

**Care Center for New Muslims**

**Tel: 2423008 Fax: 2423001**
**P.O.Box: 43339 Riyadh 11561**

بسم الله الرحمن الرحيم

ح مركز العناية بالمسلمين الجدد، ١٤٢٧ هـ

*فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر*

ايفارستو، خالد

مبادئ الدعوة / خالد ايفارستو – الرياض، ١٤٢٧ هـ

..ص ؛ .. سم

ردمك-x-455-56-9960

١- مبادئ الدعوة، أ- العنوان

ديوي ٢١٣ ١٤٢٧/٤٨٦٧

رقم الإيداع : ١٤٢٧/٤٨٦٧

ردمك-x-455-56-9960

**Mga Panuntunan sa Da'wah**
**Mga Nilalaman**


| Paksa | Pahina |
|---|---|
| Paunang Salita | 1 |
| Kabanata-1 Kahulugan at Kahalagahan ng Da'wah | |
| • Ano ang Da'wah | 4 |
| • Ang Kahalagahan ng Da'wah | 4 |
| • Mga Katibayan sa Pagbibigay-Da'wah | 5 |
| Kabanata-2 Ang Layunin ng Da'wah | 8 |
| Kabanata-3 Mga Batayan ng Da'wah | 11 |
| Kabanata-4 Ang Pamamaraan ng Da'wah | 15 |
| • Ang Paksang Dapat Manguna | 16 |
| • Ang Pagitan ng Kabagsikan at Kaluwagan | 19 |
| Kabanata-5 Mga Kinakailangan sa Da'wah | 21 |
| • Kaalaman | 22 |
| • Pagganap | 24 |
| • Kadalisayan ng Layunin | 26 |
| • Pagtitiis | 27 |
| Kabanata-6 Mga Katangian ng Isang Da'iyah | 28 |
| • Matapat | 30 |
| • Masunurin | 33 |
| • Matiisin | 34 |
| • Mapagkumbaba | 36 |
| • Makatarungan | 38 |
| • Mahabagin | 41 |
| • Malinis Sa Katawan at Pananamit | 43 |
| • Pagkakaroon ng Mithiin | 48 |
| Kabanata-7 Mga Uri ng Da'wah | |
| • Pang-isahan | 49 |
| • Pangmaramihan | 51 |
| • Tanggapang Pang-Islaam | 54 |

Kabanata-8 Talakayang Pampubliko-Ilang Pagpapayo 54
- Maramdaming Simula 54
- Maging Maikli sa Pananalita 55
- Maging Handa 55
- Magbigay Sigla 56
- Maging Payak sa Pananalita 56
- Huwag Magbasa 57
- Pagbibigay Lakas sa Sarili 58
- Maging Matapat 58
- Pagsaalang-alang sa Tagapakinig 58
- Maglahad ng Kasaysayan 59

Kabanata-9 Mga Dapat at Hindi Dapat Gawin Sa Da'wah
- Pag-aaral 59
- Pagsagawa 61
- Paghahanda 62
- Pagtitiis 62
- Pagpapakumbaba 64
- Pagkamatapat 65
- Pag-iingat 66
- Pamamaraan 68
- Maging Malinis at Maayos 73
- Maging Mapayapa 74
- Maging Mahusay na Pinuno 75
- Masigasig at Masikap sa Hanapbuhay 76

Panghuling Salita 79

*Sa Ngalan ng Allâh, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin*

# MGA PANUNTUNAN SA DA'WAH

## Paunang Salita

Purihin ang Allâh – ang Dakilang Lumikha at Rabb[1] (Panginoon) ng lahat. Pinupuri natin Siya, hinahanap natin ang Kanyang tulong, at hinihingi natin ang Kanyang kapatawaran. Tayo'y nagpapakupkop sa Kanya laban sa kasamaan ng ating sarili at laban sa kasamaan ng ating masasamang gawain. Sinumang patnubayan ng Allâh ay walang sinumang makapagliligaw sa kanya, at sinumang nasa ligaw na landas ay walang sinumang makapaggagabay sa kanya maliban sa Allâh. Ako ay sumasaksi na walang tunay na diyos na dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Allâh, at ako ay sumasaksi na si Muhammadﷺ ay Kanyang Alipin at Sugo.

Milyun-milyong tao sa buong daigdig ang matapat na naghahanap ng katotohanan nguni't hindi nila matagpuan ang tunay na patnubay. Bakit? Sadyang nagkulang ang mga Muslim sa kanilang tungkulin sa larangan ng Da'wah. Sa kasamaang-palad, ang Da'wah ay wala na sa kaibuturan ng pamumuhay ng mga Muslim. Naging lubhang abala ang mga Muslim sa kani-kanilang materyal na pamumuhay na naging sanhi ng kawalan ng halaga sa kanila ang pagbibigay Mensahe ng Islâm. Sa anumang dahilan, nakalimutan ng mga Muslim na ang Da'wah ay isang mahalagang bahagi ng kanilang tungkulin bilang tagasunod ng pananampalatayang Islâm.

---

[1] **Rabb**: Ang katagang *Rabb* ay kadalasang isinasalin ng iba bilang katumbas ng salitang Panginoon (Lord). Subali't, bukod sa katotohanang ang huli ay isang katagang ginamit sa Bibliya, ang katagang ito ay ginagamit din kapag tinutukoy si Propeta Hesus bilang kanilang Panginoon. Ang salitang Panginoon (Lord) ay isang kataga na ang karaniwang kahulugan nito ay nakahangga lamang sa isang "guro, pinuno, may-ari o tagapamahala", na sadyang kapos at kulang sa diwa o kahulugan kung ihahambing ito sa katagang *Rabb* sapagka't ang *Rabb* (na mula sa wikang Arabik) ay may malawak na kahulugan at kahalagahan. Ang ilang mahahalagang kahulugan ng *Rabb* ay ang Tagapaglikha, ang Tagapaghubog (Tagapag-anyo), ang Tagapanustos, ang Tanging Isa na inaasahan ng lahat ng mga nilikha upang patuloy na mabuhay, at Siya ang Tanging Isa na nagbibigay ng Buhay at nagdudulot ng Kamatayan. Sa aklat na ito, gagamitin natin ang katagang *Rabb* na may panaklong na (Panginoon) upang maging madali sa mga mambabasa.

Sa pagbibigay Da'wah, una nating dapat isaalang-alang ay ang pagsisikap na maipaabot sa tao ang Mensahe ng Allâh sa isang tama, maliwanag at kasiya-siyang paraan. Sinumang nagnanais maging matagumpay sa kanyang panawagan sa tuwid na landas tungo sa Allâh ay dapat magkaroon ng tamang batayan ng kanyang kaalaman hinggil sa kanyang paniniwala. Nararapat lamang na isaalang-alang ang antas ng kausap batay sa kanyang kakayahang umunawa, sa kanyang kultura, karanasan at pinag-aralan. Ang ating matapat na layunin sa pagsasagawa ng Da'wah ay ihatid ang Mensahe nang may katalinuhan at magandang pag-aasal. Hindi tayo dapat mag-alala sa ibubunga ng ating pagsisikap sa Da'wah sapagka't ito ay nasa kamay lamang ng Allâh. Sapat na sa atin ang iparating sa kanila ang Mensahe nang may marubdob na pagnanais na sana'y patnubayan sila ng Allâh sa tamang landas. Wala na sa ating pananagutan kung sila ay hindi maniwala, o isantabi nila ang kanilang narinig o tuluyang iwaksi nila ang katotohanan. Ni hindi natin dapat ipilit sa kanila ang Mensahe. Tanging ang mga nais makinig lamang ang dapat nating pagtuunan ng pansin. Ang Banal na Qur'aan na rin ang nagpapaalaala sa atin na walang sapilitan sa pananampalataya.

*Walang sapilitan sa pananampalataya. Sadyang mangingibabaw ang katotohanan sa kamalian...* (Kabanata Al-Baqarah-2:256)

Gayundin, ang pag-anyaya sa tao ay nararapat na magmumula sa isang marubdob at matapat na pagmamalasakit at pagkahabag sa kanila. Ang taong naliligaw ay katulad na isang bulag na gumagala sa gitna ng kadiliman na walang direksiyon ang buhay. Kaya naman, ang layon sa pagbibigay Da'wah ay dapat nakasalalay sa pagmamalasakit sa tao na sana'y tumahak siya sa katotohanan at maligtas siya sa kawalan ng pananampalataya at sa ibubunga nitong kasamaan. Isinasagawa ang Da'wah upang hanguin ang tao mula sa pagsamba sa nilikha at akayin sila sa pagsamba sa nag-iisang Tunay na Diyos na dapat sambahin – Allâh. Gayundin

upang iligtas ang tao sa kawalan ng katarungan ng mga relihiyong gawa ng tao at akayin sila tungo sa katarungan ng Islâm.

Nawa'y makatulong ito sa mga mambabasa sa kanilang layuning makapaghatid sa Mensahe ng Islâm. Ameen.

Maraming salamat po.

Khalid Evaristo
Literary Support Services
P.O. Main Box 52916
Angeles City
Philippines 2009

## Kabanata – 1
## Ang Kahulugan at Kahalagahan ng Da'wah

### Ano ang Da'wah?

Ito ay isang pag-anyaya sa tao upang sambahin lamang ang Dakilang Lumikha (Allâh), sundin ang Kanyang Landas, at lumayo sa lahat ng di-pananampalataya at kasamaan. Ating matutunghayan sa Banal na Qur'aan:

*At hindi Kami nagpadala na sinumang Sugo na nauna sa iyo (O* Muhammad ﷺ*) maliban sa ipahayag Namin sa kanya – walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Akin (Allâh). Kaya sambahin (lamang) Ako.* (Kabanata Al-Anbiya'-21 :25)

Bawa't Propetang isinugo ng Allâh ay nag-anyaya sa tao na sambahin lamang ang Allâh, ang walang katambal. Ang *Fitrah* – ang likas na hangarin ng tao na sumamba lamang sa nag-iisang tunay na Diyos ay isa ring patunay dito.

### Ang Kahalagahan ng Da'wah?

Pinupuri at itinataas ng Allâh ang katayuan ng sinumang Muslim na nag-aanyaya sa landas ng Allâh:

*Sino pa ba ang huhusay sa pananalita ng isang nag-aanyaya (tungo) sa (landas ng) Allâh, gumagawa ng mabuti, at nagsasabing tunay na ako'y nabibilang sa mga Muslim.* (Kabanata Fussilat – 41:33)

Walang pag-aalinlangan na ang papuring ito ng Allâh ay nagsisilbing inspirasyon upang maging masigasig ang Muslim sa kanilang pagpupunyagi, buhayin ang kanilang damdamin sa larangan ng Da'wah, pagaanin ang kanilang pasanin kung mayroon man, at himukin silang magsagawa ng Da'wah nang buong lakas at sigla.

Ang naturang talata ay nagbibigay papuri sa mga taong nag-aanyaya sa landas ng Allâh sa pagsasabing wala nang hihigit pa sa kanilang mga pananalita. Sila ay pinangunahan ng mga Sugo, at yaong mga susunod sa kanila ayon sa katayuan ng pagbibigay Da'wah, kaalaman at katalinuhan.

Ang mga papuring ito ng Allâh ay may kaakibat na biyaya sa pagtupad ng Da'iyah sa kanyang tungkuling iparating ang Mensahe ng Islâm, karagdagan nito'y magkakaroon din siya ng gantimpala sa bawa't mabubuting gawa ng sinumang sumunod sa kanya.

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

*Sinumang mag-akay sa tao upang gumawa ng mabuti, makukuha niya ang gantimpalang katumbas ng isang gumawa nito.* (Muslim 3/1050/#4665)

Ang naturang Hadeeth ay nagpapasigla at gumigising sa mga Muslim upang magbigay Da'wah at maging mapagtiis sa pagsagawa nito.

Sa isang Hadeeth na naitala ni Imaam Muslim (4/1406/#6470), ang Propeta ﷺ ay nagsabi,

*Sinumang manawagan tungo sa patnubay, makakamtan niya ang gantimpalang katumbas ng gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya, na hindi mababawasan kahit kaunti ang gantimpala ng huli.*

## Mga Katibayan sa Tungkulin ng Pagbibigay Da'wah

*Hayaang magkaroon sa inyo ng isang pangkat (samahan) na nag-aanyaya sa lahat ng kabutihan, nag-uutos ng Ma'roof (mabuti) at nagbabawal ng Munkar (masama). At sila yaong magtatagumpay.* (Kabanata Al-Imran-3 :104)

Ito ay isang pag-uutos na magtatag ng Da'wah tungo sa Landas ng Allâh. Ito ang panawagan tungo sa kabutihan, ang paghikayat sa tao upang gumawa ng mabuti, at ang pagbabawal sa paggawa ng masama. Ang layunin ng talatang nabanggit ay ang pagkakaroon ng bahagi ng lipunang Muslim na isagawa ang tungkuling ito, kahit pa man din na ito ay tungkulin ng bawa't kasapi ng pamayanang Muslim – ayon sa kanyang kakayahan.

Ang pag-anyaya tungo sa Landas ng Allâh ay nangangailangan ng Hikmah (tamang kaalaman ayon sa ipinahayag kay Propeta Muhammadﷺ – ang Qur'aan at Sunnah), kaalinsabay ng mahusay na pagpapayo, at pagsasalaysay sa mga kasaysayang naganap sa mga naunang taong nagsipagtakwil sa katotohanan na binanggit sa Qur'aan. Ito ay magsisilbing babala sa parusa ng Allâh sa mga nagsisitalikod sa kabutihan. Ating matutunghayan sa Banal na Qur'aan:

*Mag-anyaya tungo sa Landas ng inyong Rabb (Panginoon) nang may Hikmah (tamang kaalaman) at magandang pangangaral, at mangatuwiran sa kanila sa paraang higit na mahusay.* (Kabanata Al-Nahl- 16 :125).

Inutusan ng Allâh si Propeta Muhammadﷺ na pagbuhusan ng panahon ang panawagan sa tao sa isang pagsaksi na walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allâh – ang walang katambal o kasama sa Kanyang Pagka-Panginoon. Binanggit sa Banal na Qur'aan:

*Sabihin (O Muhammad), Ito ang aking landas; nananawagan ako tungo sa Allâh nang may tiyak na kaalaman, Ako at sinumang sumunod sa akin (dapat manawagan din) nang may tiyak na kaalaman.* (Kabanata Yusuf-12 :108)

Binibigyang-diin dito ng Allâh na ang mga tagasunod ni Propeta Muhammadﷺ ay yaong nag-aanyaya sa tao tungo sa landas ng Allâh. Sila yaong may tiyak na kaalaman, tamang pag-unawa at

may pinanghahawakang katibayan. Kapag nakatanggap sila ng anuman mula sa Propeta ﷺ, tumatalima sila sa kanya at sumusunod sa kanyang pamamaraan. Sa anumang gawain, maging sa paghahatid ng Mensahe ng Islâm, nararapat lamang sundin ang pamamaraan ng Propeta ﷺ upang makatiyak tayo sa kasiyahan ng Allâh.

*Katiyakan, nasa Sugo ng Allâh ay isang magandang halimbawa para sa inyo upang pamarisan, sa sinumang may pag-asa (sa pagharap) sa Allâh at sa Huling Araw, at laging niyang alaala ang Allâh.* (Kabanata Al-Ahzaab-33:21)

Kapag ang isang Muslim ay nasa isang bansa o pook at walang sinumang nagbibigay ng Da'wah, nagiging isang Fardh (itinakdang tungkulin) sa kanya ang magbigay Da'wah ayon sa kanyang lakas at kakayahan. Samantala, kapag may sapat na bilang na Muslim na nagbibigay ng Da'wah sa pook na iyon, magiging Sunnah (kusang-loob) na ito at hindi na itinakdang tungkulin para sa kanya.

Magkagayunman, sa mga panahon natin ngayon na sadyang talamak na ang kasamaan at laganap na ang pagsamba sa mga diyus-diyusan, nagiging isang itinakdang tungkulin sa bawa't isa ang Da'wah.

Sa patuloy na paglitaw ng di-mabilang na tagapagturo ng maling pananampalataya at ang pagtakwil sa tunay na Diyos na lumalaganap sa buong daigdig, samakatwid ang pagtatatag ng Da'wah ay nagiging itinakdang tungkulin sa lahat ng mga Muslim.

Sa kabilang dako, kapag ang mga Muslim sa isang partikular na pook ay hindi nagtatag ng tamang Da'wah, magiging kasalanan ng bawa't isa at ang pananagutan ay papasanin ng lahat.

Tungkulin ng mga Muslim na paham at mga pinuno na iparating ang relihiyon ng Allâh ayon sa kanilang kapangyarihan at kakayahan. Dapat silang manawagan tungo sa landas ng Allâh sa

pamamagitan ng pagsulat, pamamahayag, pananalumpati sa tamang pamamaraan. Hindi sila dapat huminto sa pagbibigay Da'wah o umasa sa iba upang gawin ito.

Sa ngayon at higit kailanman, isang marubdob masidhing na pangangailangan ang magkaroon ng pagtutulungan, pagdadamayan at pagkakaisa ang mga Muslim sa tungkuling ito.

Sa dahilang ang mga kaaway ng Islâm ay nagkakaisa at nagtutulungan upang pigilin, iligaw, at bigyang alinlangan ang mga tao sa relihiyon ng Allâh, isang mahigpit na tungkulin ng bawa't Muslim na magkaroon ng mga samahang pang-Islâm at Da'wah upang tugunan at labanan ang mga kilusang sadyang lihis sa katotohanan.

## Kabanata - 2
## Ang Layunin ng Da'wah

Ang makamtan ang kasiyahan ng Allâh ang siyang pangunahin at pinakamahalagang layunin ng Da'wah. Ang tunay na Da'iyah (ang tagapaghatid ng Mensahe ng Islâm) ay hindi hinahanap na magkaroon ng pangalan o magandang katayuan o yaman, ni hindi niya hinahangad ang pagpupuri ng kapuwa. Sa katunayan, ang pagsagawa niya ng Da'wah at ang kanyang layuning mapalapit sa Allâh ay maaaring makaranas siya ng matinding galit at poot lalo na yaong sa mga kaaway ng Islâm

.

Kung itatanim ng isang Da'iyah sa kanyang isipan at damdamin na ang kanyang adhikain sa kanyang pagbibigay Da'wah ay ang kasiyahan ng Allâh, siya'y mag-iingat sa kanyang pananalita at gawain. Inaalam at tinitiyak niya sa kanyang sarili na ang kanyang pamamaraan ay naaayon lamang sa kalooban ng Allâh. Hindi dapat kalimutan na tinatanggap lamang ng Allâh ang bawa't mabuting gawa kung ito ay naaayon sa itinuro ng Kanyang huling Propeta na

si Muhammad ﷺ, kahit pa man din ang kanyang layunin ay mabuti. Matutunghayan sa Banal na Qu'ran:
*Sinumang sumunod sa Propeta ay katotohanang sumunod sa Allâh.* (Kabanata An-Nisaa-4 :80)

Ito ay isang maliwanag na pamantayan sa ating lahat na nagnanais mapalapit sa Allâh at makamtan ang Kanyang pagmamahal. Nakatitiyak tayo ng pagsunod sa Allâh kung tayo'y sumusunod sa mga pangaral at halimbawa ni Propeta Muhammad ﷺ. Binigyang-diin pa rin ito sa sumusunod na talata :

*Sabihin (O Muhammad), Kung mahal ninyo ang Allâh, sumunod sa akin. Mamahalin kayo ng Allâh at patatawarin ang inyong mga kasalanan, sapagka't ang Allâh ay Lagi nang Mapagpatawad, Ang Mahabagin.* (Kabanata Al-Imran- 3:31)

Isa sa mga paraan upang makamtan ang kasiyahan ng Allâh ay ang pagpapatuloy sa mga gawain ng mga Propeta sa kanilang paghahatid ng Banal na Mensahe sa sangkatauhan. Ito ang pangunahing ginawa nila sa kanilang misyon dito sa lupa, ang pag-anyaya sa tao na sumamba lamang sa tunay na Diyos – ang Allâh.

Ang paghahatid ng Banal na Mensahe ay may masaganang biyayang nakalaan sa sinumang gumagawa nito, maniwala man o tumalikod ang mga nakikinig sa kanya. Huwag asahan sa sarili na ang binibigyan ng Da'wah ay tatanggapin ito. Dapat lamang asahan ang biyaya ng Allâh sa pagbibigay ng Da'wah. Huwag kalilimutang higit na marami ang mga taong nagtakwil sa Da'wah ng mga Propeta kaysa sa mga sumunod sa kanila. Huwag din nating kalilimutan na mismong mga magulang, anak, tiyuhin at malalapit na kamag-anak ng mga Propeta ay hindi naniwala sa kanila. Kaya naman, tayo na sadyang malayo ang agwat sa katayuan ng mga Propeta, ay huwag asahang tatanggapin ng kausap ang paanyaya sa kanya, bagaman ito ang inaasam nating mangyari. Ang tanging tungkulin natin ay iparating sa kanila ang

Banal na Mensahe dahil wala sa ating mga kamay ang pagtanggap nila ng Islâm. Ating mababasa sa Banal na Qur'aan:
*Kaya paalalahanan sila – (dahil) ikaw (O Muhammad) ay isang tagapagpaalaala lamang. Hindi ka isang Musaytir (Tagadikta o tagamando) sa kanila. Ang iyong tungkulin ay iparating lamang (ang Mensahe), at sa Amin ang pagtutuos.* (Kabanata Al-Ghashiyah- 88:21-22)

Kahit si Propeta Muhammadﷺ ay pinalalahanan ng Allâh na ang tungkulin lamang niya ay ang pagpaparating ng Banal na Mensahe dahil tanging nasa kalooban lamang ng Allâh ang pagbibigay patnubay sa sinumang Kanyang nais.

Katulad ng mga Propeta, tayo ay nagsisikap na akayin ang tao, sa pahintulot ng Allâh, mula sa kadiliman tungo sa liwanag; upang igabay sila tungo sa katotohanan hanggang sa panghawakan nila ito; at mailigtas sila sa Apoy at poot ng Allâh. Upang dalhin sila mula sa kawalan ng pananampalataya tungo sa liwanag ng patnubay; mula sa kamangmangan tungo sa liwanag ng kaalaman; at mula pagsuway tungo sa liwanag ng pagsunod.

*Ang Allâh ay Walee (Tagapagtanggol/Tagapangalaga) ng mga (taong) may pananampalataya. Kanyang inaakay sila mula sa kadiliman tungo sa liwanag.* (Kabanata Al-Baqarah- 2:257)

Upang maging mabisa ang ating Da'wah, nararapat lamang na walang pagkakaiba ang ating pangungusap sa ating mga kilos at gawa. Sa mata ng tao, ang larawan ng mga Muslim ay sadyang mahirap bigyang kaibahan sa larawan ng Islâm. Bagaman labas na sa ating kakayahan na baguhin ang larawan ng buong sambayanang Muslim, mayroon pa rin tayong magagawa sa ating mismong sarili bilang isang Muslim:

Una, dapat nating suriin ang sarili kung ang ating pag-uugali ay sumasagisag sa itinuturo ng Islâm. Naayon ba sa katuruan ng ating Propetaﷺ ang ating pakikitungo sa mga kapitbahay, sa pook ng

trabaho, at sa lipunan. Huwag nating kalilimutan na ang mabuting pag-uugali at magandang pakikipag-ugnayan ay nananatili pa ring pinakamahusay na kaparaanan sa landas ng Da'wah.

Pangalawa, dapat nating panghawakan ang katarungan, kapakanan ng mamamayan, at ang karangalan at kalayaan ng tao, maging sa salita at sa gawa.

Narito ang isang talata sa Banal na Qur'aan na nagsisilbing paalaala sa atin na ang ating kilos at gawain ay hindi dapat sumasalungat sa mga kabutihang namumutawi sa ating bibig:

*Ipinag-uutos ba ninyo sa tao ang Al-Birr (pagkamasunurin sa Allâh) at nalilimutan (namang isagawa ito) sa inyong sarili, gayong binibigkas ninyo ang Kasulatan? Hindi ba ninyo ito napag-iisipan?* (Kabanata Al-Baqarah- 2:44)

## Kabanata - 3
## Mga Batayan ng Da'wah

Ating matutunghayan sa Banal na Qurán:

*...Sa Araw na ito ay ginawang ganap Ko ang inyong Deen (panuntunan ng buhay) para sa inyo, Aking ginawang lubos ang tulong Ko sa inyo, at Aking pinili para sa inyo ang Islâm bilang inyong pananampalataya.* (Kabanata Al Ma'idah- 5:3)

Katotohanan, ito ang pinakamalaking biyaya mula sa Allâh sa sambayanang Muslim sapagka't Kanyang ginawang ganap ang relihiyon para sa kanila – kaya naman hindi na nila kailangan pa ang iba pang relihiyon maliban sa Islâm, at hindi na nila kailangan ang isa pang Propeta maliban kay Propeta Muhammadﷺ. Ito ang dahilan kung bakit pinili ng Allâh si Propeta Muhammadﷺ bilang panghuling Sugo at ipadala siya sa buong sangkatauhan at mga Jinn. Magkagayon, ang mga karapat-dapat ay yaong pinahintulutan lamang niya, at ang mga di-kanais-nais ay yaong mga ipinagbawal

niya. Ang batas ay kung ano ang kanyang pinagtibay, at ang bawa't sinabi niya ay katotohanan at mapananaligan, at hindi nagtataglay ng anumang kasinungalingan at malaya sa anumang pagkakasalungatan.

Saklaw ng Islâm ang bawa't aspeto ng ating pamumuhay. Mapalad ang mga Muslim dahil malinaw sa kanila kung ano ang mabuti at kung ano ang masama. Ang katuruan ng Islâm ay malaya sa anumang opinyon o kuro-kuro dahil ito ay lantad na ginampanan ni Propeta Muhammadﷺ bilang halimbawa sa kanyang mga tagasunod upang pamarisan sa kanilang pagganap ng Islâm. Dahil dito, higit na may pagkakataon ang mga Muslim na gumawa ng mabuti at umiwas sa masama. Batid nila nang maliwanag kung nagagampanan nila ang mga ipinag-uutos, at alam din nila kung sila'y sumusuway. Kaya naman, kahit naligaw ng landas ang isang Muslim, alam niya nang may katiyakan ang kanyang gagawin upang bumalik sa tamang landas. Hindi siya nawawalan ng pag-asa sa pagbabalik-loob sa Allâh.

Saklaw din ng katuruan ng Islâm ang pamamaraan ng Da'wah at ang batayan nito. Ang mga pangunahing batayan ng Da'wah ay ang Banal na Qur'aan at ang mga Sunnah ni Propeta Muhammadﷺ. Sinumang nag-aanyaya tungo sa kabutihan at nagbabawal ng masama ay dapat magkaroon ng pagpapahalaga sa Aklat ng Allâh sa pamamagitan ng malimit na pagbasa nito at paglilimi sa diwa nito. Katotohanan, ang Qur'aan ay pinagmumulan at ugat ng bawa't mabuti at isang patnubay tungo sa lahat ng kagalingan, katalinuhan at karunungan.

*Katotohanan, itong Qur'aan ay (nagbibigay) patnubay tungo sa pinakamabuti (at pinakamatwid).* (Kabanata Al-Israa- 17:9)

Dapat ding panghawakan ng bawa't Da'iyah ang Sunnah ng Propetaﷺ, at ang nilalaman nitong kaalaman at patnubay. Sinumang nagbibigay Da'wah ay dapat na sumangguni sa mga aklat ng Hadeeth at ang mga paliwanag na naisulat tungkol dito.

Kung ano ang sariling pinanghahawakan, ito ang siyang dapat ipamigay. Pinili natin ang Islâm bilang ating pananampalataya, kaya naman ang mga batayan nito ang siyang dapat gamitin sa paghahatid ng Mensahe sa ating kapuwa. Papaano mo ibibigay ang isang bagay na hindi sa iyo? Papaano mo maipamamahagi ang isang bagay na hindi mo pinanghahawakan?

Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi:

*Mag-iiwan ako sa inyo ng dalawang bagay na kung inyo itong paiiralin nang mahigpit, hindi kayo maliligaw : Ang Kapahayagan ng Allâh (Qur'aan) at ang Sunnah ng Kanyang Sugo.* (Malik Ibn Anas)

Masasabi ba nating may nakalaang biyaya sa isang Da'iyah na gumagamit ng ibang batayan sa kanyang Da'wah? Masasabi ba nating nagbibigay siya ng pagpapahalaga sa Salita ng Allâh at sa Sunnah ni Propeta Muhammad ﷺ?

*Kaya panghawakan nang mahigpit sa ipinahayag sa iyo. Katotohanan, ikaw ay nasa tamang landas. At katotohanan, ibinababa Namin ang Dhikir (Paalaala) para sa iyo at sa iyong mamamayan, at kayo'y tatanungin.* (Kabanata Az-Zukhruf- 43:43-44)

Dapat nating panghawakan at panindigan ang Banal na Qur'aan sa ating Da'wah sapagka't ito ang katotohanan na nag-aakay sa tamang landas. Ang tungkulin natin sa Da'wah ay iparating lamang ang katuruan ng Islâm, kaya naman ang ating pananagutan ay nakatuon lamang sa paghahatid ng Mensahe ng Qur'aan ang mga pangaral ni Propeta Muhammad ﷺ.

May isang pangyayari sa isang tanggapang pang-Islâm nang magbigay ng panayam ang isang Da'iyah sa harapan ng mga panauhing Kristiyano. Siya ay nagsimula sa kanyang panayam hinggil sa maraming kamalian ng Bibliya. Iniisa-isa niya ang mga kamaliang ito at sa gitna ng kanyang pagsasalita ay may isang panauhin ang nagtaas ng kamay at nagsabi, 'Nagpunta po kami rito

upang malaman namin ang tungkol sa Islâm. Sana po'y huwag na nating pag-usapan ang aming Bibliya'. Daglian namang sumagot ang Da'iyah, 'Pinili kong talakayin ang Bibliya dahil ito ay inyong pinaniniwalaan. Kung aking tatalakayin ang Qur'aan, tiyak na hindi kayo maniniwala'. Isang malumanay na sagot ng panauhin ang nagsilbing isang aral sa Da'iyah, 'Paano ninyo alam na hindi kami maniniwala'? Alam ba ninyo ang laman ng aming isip at damdamin'? Maliban sa iilan, isa-isang umalis ang mga panauhin.

Ito ay isa lamang sa maaaring maging bunga ng maling pinagbabatayan sa pagbibigay Da'wah. Bilang paalaala, isang maikling pangungusap ang sinabi ng Propetaﷺ: *Iparating mula sa akin maging ito ay isang Ayâh (talata) lamang.* (Bukhari)

Ang dapat nating iparating sa ating kapuwa ay yaong mga pahayag na ibinigay kay Propeta Muhammadﷺ kahit ito'y isang talata lamang sa abot ng ating makakaya. Hindi tayo inuutusang iparating ang alin pa mang hindi naaayon sa ipinarating ng ating Propetaﷺ sa larangan ng Da'wah.

Sa Banal na Qurán ay ating matutunghayan din:

*O Sugo, iparating kung ano ang ibinaba sa iyo mula sa iyong Rabb (Panginoon). Kung hindi mo ito gagawin, hindi mo naihatid ang Kanyang Mensahe...* (Kabanata Al-Maidah, 5:67)

Sa kanyang talumpati sa kanyang pamamaalam sa panahon ng Hajj, sinabi ng Propetaﷺ,

*O mamamayan! Kayo ay tatanungin tungkol sa akin, kaya ano ang inyong isasagot ?"* Kanilang sinabi, *"Kami ay sumasaksi na iyong naihatid (ang Mensahe), isinagawa (ito), at nagbigay (sa amin) ng matapat na payo.* (Muslim 2:886)

Si Omar (nawa'y kalugdan siya ng Allâh) ay nagdala ng sipi ng Torah sa Propetaﷺ at nagsabi, *O Sugo ng Allâh! Narito ang isang*

*sipi ng Torah.* Hindi kumibo ang Propetaﷺ. Nagsimulang basahin ito ni Omar. Nag-iba ang kulay ng mukha ni Propeta Muhammadﷺ. Sinabi ni Abu Bakr kay Omar (nawa'y kalugdan sila ng Allâh), *Hindi mo ba nakikita ang mukha ng Propeta?* Tiningnan ni Omar ang mukha ng Propeta at siya'y nangatal sa pangamba. Siya'y nagsabi, *Nagpapakupkop ako sa Allâh laban sa Kanyang galit, at laban sa galit ng Kanyang Propeta. Kami ay nasisiyahan sa Allâh bilang Rabb (Panginoon), sa Islâm bilang pananampalataya, at kay Muhammad bilang Kanyang Sugo.* Ang Propetaﷺ ay nagsabi, *Isinusumpa ko sa Allâh na Siyang may Tangan ng aking kaluluwa, kung lumitaw man si Moses sa gitna ninyo ngayon at pinili ninyong sumunod sa kanya kaysa sa akin, malilihis (mawawala) kayo sa tamang landas. Makinig (nang mabuti)! Kung narito man si Moses ngayong araw na ito, katiyakang susunod siya sa aking landas.* (Ad-Darimi)

## Kabanata - 4
## Pamamaraan ng Da'wah

Ipinahayag ng Allâh sa Banal na Qur'aan:

*Mag-anyaya tungo sa Landas ng inyong Rabb (Panginoon) nang may Hikmah (tamang kaalaman) at magandang pangangaral, at mangatuwiran sa kanila sa paraang higit na mahusay.* (Kabanata Al-Nahl- 16 :125)

May mga bagay at pamamaraan na makatutulong nang mahusay sa Da'iyah upang maging matagumpay at kapaki-pakinabang ang kanyang pagsisikap sa Da'wah. Ito rin ay nagbibigay lakas at bisa sa Da'wah. Ang mabuting pamamaraan ay nagdudulot din sa isang Da'iyah na gamitin nang mabuti ang kanyang oras at lakas upang maabot ang kanyang layunin na walang gaanong hirap at balakid.

*Walang makapagwawasto sa pamayanang ito (sa kasalukuyang panahon) maliban sa nakapagwasto sa naunang pamayanan (noong unang panahon).* Ito ang sinabi ng mga taong may

malawak na kaalaman at pang-unawa sa Islâm, isa na rito si Imaam Malik bin Anas, ang Imaam ng Madinah noong kapanahunan niya.

Sinumang nagnanais ituwid ang landas ng lipunang Muslim o anupamang uri ng lipunan, sa pamamagitan ng ibang paraan maliban sa mga paraang ginamit sa pagtutuwid sa mga naunang lipunan, magkagayon, siya ay nasa malinaw na kamalian at malayo sa katotohanan.

Tunay, ang landas tungo sa pagbabago ng lipunan at pagbibigay ng tamang daan ay nasa tapat na pagsunod sa mga paraan ng Propeta ﷺ at ng kanyang mga kasama at yaong mga sumunod sa kanilang pagiging masunurin sa Allah hanggang sa araw na ito. Ang landas na ito ay ang daan sa pagsunod sa Banal na Qur'aan at ang Sunnah ng Sugo ng Allâh.

Isang matibay na kaalaman na ang pagbabago sa mga pamayanang Muslim o di Muslim ay ayon lamang sa mga paraang ginamit ng pinuno at ng huling panghuli sa mga Propeta na si Muhammad ﷺ. Ang lahat na nagnanais magbigay Da'wah ay nararapat na sumunod sa *Minhaaj* (pamamaraan) ng Propeta na sinunod din ng mga kasama niya at gayundin yaong mga nagsisunod sa kanila hanggang sa kasalukuyan. Silang lahat ay nasa tamang pamamaraan at sa *Siraat Al-Mustaqeem* (Matuwid na landas).

Ang Propeta ay nagsabi, *Mag-iiwan ako ng dalawang bagay na kung inyo itong paiiralin (panghahawakan) nang mahigpit, hindi kayo maliligaw (ng landas), ito ay ang Salita ng Allâh (Qur'aan) at ang Sunnah ng Kanyang Propeta.* (Malik ibn Anas)

### Ang Paksang Dapat Manguna sa Da'wah

Ang pinakadakila at pinakamahalagang paksa na dapat bigyan ng pansin ng Da'iyah ay ang *Tawheed* (Kaisahan ng Allâh). Si Propeta Muhammad ﷺ ay ipinangaral ang *Tawheed* ng sampung taon sa Makkah bago niya ipinag-utos ang *Salâh* at iba pang mga tungkulin

sa kanila. Lahat ng Da'wah ng Propeta ay nakatuon sa Kaisahan ng Allâh, pag-iwas sa *Shirk* (pagbibigay katambal sa pagsamba sa Allâh), pagtalikod sa mga idolo (diyus-diyusan), at paglalahad ng tungkulin ng tao na sambahin lamang ang Allâh. Mababasa sa Banal na Quráan:

*Hindi Ko nilikha ang Tao at Jinn malibang sila ay sumamba sa Akin.* (Kabanata Adh-Dhaariyaat, 51:56)

Ang kamangmangan sa prinsipyo ng *Tawheed* ay naghatid sa ibang Muslim na mag-alay ng panalangin sa mga puntod ng kanilang mga yumaong *Imaam* (pinuno). Nagtayo sila ng Masjid sa mga libingan nila, nagsasagawa ng mga pagsamba katulad ng paghingi, pagsusumamo, pag-aalay at panunumpa. Dahil din sa kamangmangan sa prinsipyo ng *Tawheed,* ang mga bansang Muslim ay nagpapairal ng mga batas na gawa ng tao – lumayo sila sa batas ng Allâh at ng Kanyang Sugo na sadyang pinakamatuwid at pinakaganap sa lahat ng batas.

Ang kamangmangan din sa *Tawheed* ang nagpariwara sa tao tungo sa pagsamba sa mga diyus-diyusan, pagsamba sa mga gawa-gawa lamang ng tao, o di kaya'y paglisan nang ganap sa anumang uri ng pagsamba sa Nag-iisang Tunay na Diyos, ang Dakilang Allâh. Ating mababasa sa Banal na Qurán:

*Sabihin: O Angkan ng Kasulatan! Halina na kayo sa isang salita (pangungusap) na sadyang makatarungan sa amin at sa inyo, na huwag tayong sumamba maliban sa Allâh, na huwag tayong magtambal ng anuman sa Kanya, at huwag nating itakda ang iba sa atin bilang mga panginoon bukod sa Allâh. At kung sila'y tumalikod, inyong sabihin : Sumaksi kayo na kami ay mga Muslim (kumikilala at sumasamba sa nag-iisang Allâh).* (Kabanata Al'Imran-3 :64)

Sa ating paghahatid ng Mensahe ng Islâm, ang pangunahing paksa na dapat nating ipaabot ay ang pagkilala sa tunay na Diyos at kung

papaano Siya dapat sambahin. Sinumang tao ang nagkaroon ng liwanag sa kanyang isipan at damdamin na walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Dakilang Lumikha – Allâh, at ito ay kanyang ginampanan sa kanyang pagdarasal – na wala na siyang tinatawagan at hinihingan ng tulong maliban sa Kanya, siya ay makaaasa sa pangakong kapatawaran ng Allâh. Kahit na ang paksang ito ang umabot sa kanya at kanyang matapat na naisakatuparan ito, nang lihim man o lantad, nabibilang siya sa mga taong may pag-asa sa habag ng Allâh. Ating mababasa sa kabanata An-Nisa'- 4 :48 ng Banal na Qur'aan :

*Katotohanan, hindi pinatatawad ng Allâh ang pagbibigay katambal sa Kanya (sa pagsamba). Datapwa't pinatatawad Niya ang ibang kasalanan bukod dito sa kaninumang Kanyang nais. At sinumang magtambal ng iba sa pagsamba sa Allâh, tunay na siya ay nakagawa ng isang napakalaking kasalanan.*

Ang talatang ito ay nagsasabi sa atin na hindi patatawarin ng Allâh ang sinumang namatay habang siya ay may sinasambang iba bukod sa Allâh. Ayon sa isang Hadeeth ni Propeta Muhammadﷺ: *Sinabi ng Allâh: O Aking alipin! Hangga't sumasamba at nagmamakaawa kayo sa Akin, patatawarin Ko kayo kahit anupaman ang inyong pagkukulang. O Aking alipin! Kung makahaharap ninyo Ako bagaman may gamundo kayong kasalanan, haharapin Ko kayo ng gamundong pagpapatawad hangga't hindi kayo nagbigay ng katambal sa Akin (sa pagsamba).* (At-Tirmidhi)

Upang maging magaan sa tao ang pagtanggap sa Da'wah, dapat ipakilala ng Da'iyah ang Islâm nang unti-unti ayon sa kakayahan at pagtugon ng nakikinig.

Nang ipadala ni Propeta Muhammadﷺ si Muadh ibn Jabal sa Yemen, inutusan siyang ituro ang Islâm nang dahan-dahan at unti-unti ayon sa kahalagahan at ayon sa kanilang pagtugon. Sinabi ng Propetaﷺ kay Muadh, *Anyayahan mo ang tao na manumpa na walang tunay na diyos na dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Allâh, at ako ay Sugo ng Allâh. Kung sumunod sila, sabihin mo*

*sa kanila na inuutusan sila ng Allâh na isagawa ang limang beses na pagdarasal...* (Bukhari)

**Ang Pagitan ng Kabagsikan at Kaluwagan (Kabaitan)**

Likas sa tao na kanyang kinalulugdan at minamahal yaong taong mabait sa kanya. Sa kabilang dako naman, ang kabagsikan ay nagdudulot sa tao na maging sutil (suwail) at magpupumilit sa kanyang masasamang gawa nang may pagmamalaki. Ang ibig sabihin ng kaluwagan dito ay hindi pakitang-tao bagkus pagbibigay payo sa mahinahon at mabait na paraan na makapagbibigay-lugod sa puso ng tao. Ipinahayag ng Allâh sa Banal na Qur'aan :

*(O Moises) Magtungo kayo kapuwa (ni Aaron) kay Faraun, sapagka't siya'y tunay na sumuway sa lahat ng hangganan ; subali't makipag-usap sa kanya nang may kabaitan ; sakaling tumanggap siya ng babala o magkaroon ng takot (sa Allâh).* (Kabanata Ta Ha, 20 : 43-44)

Bagaman sukdulan ang pagmamalabis ni Faraun – ang hari ng Ehipto sa mga panahong yaon, inutusan pa rin ng Allâh si Propeta Moises na maging malumanay sa pakikipag-usap sa kanya upang akayin siya sa tuwid na landas.

Gayundin, ipinahayag sa Banal na Qur'aan :

*At dahil sa Habag mula sa Allâh, (naging) mahinahon ka (O Muhammad) sa (pakikitungo sa) kanila. At kung naging mabagsik (o mahigpit) ka (at) naging matigas ang puso, katiyakang humiwalay (at nagsipaglisan) sila sa iyong kapaligiran.* (Kabanata Al'Imran- 3 :159)

Ang Da'wah ay nararapat na malayo sa anumang paksa ng pagtatalo, pagkapoot, pagbibintang, pagmumura, paninisi, kalupitan, pamimintas, panghihiya, at mga walang katuturang talakayan.

Dapat nating tandaan na si Propeta Muhammadﷺ ay lagi nang mahinahon at mabait sa kanyang pakikipagkapuwa-tao. Siya ang dapat nating pamarisan bilang magandang halimbawa hindi lamang sa pang-araw-araw nating pamumuhay pati na rin sa larangan ng Da'wah.

Bilang paalaala, si Propeta Muhammadﷺ ay nagsabi:

*Ang Allâh ay mabait at Kanyang kinalulugdan ang kabaitan. Ang pagpapala Niya sa (taong may) kabaitan ay (natatangi at) hindi Niya (ito) ibinibigay sa (taong may) kalupitan at sa anupaman.* (Muslim)

Ang isang matuwid na Muslim ay mabait at mahinahon sa kanyang pakikitungo sa kapuwa lalo na panghihikayat o pagtawag sa iba tungo sa landas na Allâh. Papaano mo mahihikayat ang iba tungo sa matuwid na landas sa pamamaraang malayo sa kabaitan. Ang Propetaﷺ ay nagsabi rin :

*Sinumang mawalan ng kahinayan (at kahinahunan) ay nawalan ng kabutihan.* (Muslim)

Nang aking nabalitaan ang tungkol sa isa nating kapatid na Muslim na may palatuntunan sa radio, aking inalam nang mabuti ang takdang araw, oras at himpilan ng kanyang programa upang ito ay aking mapakinggan. Ganoon na lamang ang aking pagkabigla at pagkamangha nang aking marinig ang mga salitang namumutawi sa kanyang bibig na sadyang malayo sa katangian ng isang mabuting Muslim at hindi ko pa narinig kahit sa mga di-Muslim na may programa hinggil sa kanilang pangrelihiyon. Dama ko pa ang nakatutulig na "punyeta", "gunggong", "inutil", "baliw", at iba pang magagaspang na pangungusap. Naririnig ko lamang ang mga salitang ito mula sa mga tagapagpahayag sa radyo na bumabatikos sa mga politiko at ibang pang mga pamunuan na gumagawa ng katiwalian.

Tandaan natin na ang tunay na Daíyah ay mahinahon at maginoo sa pakikipag-usap. Siya ay malayo sa mga pananalitang may kagaspangan at kalupitan. Katotohanan, walang ibubunga ang katigasan sa pananalita kundi sama ng loob ng bawa't panig. Bilang babala, ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

*Ang taong labis na kinasusuklaman ng Allâh ay yaong madalas makipag-away at makipagtalo.* (Bukhari at Muslim)

Isang tunay na tagumpay ang makamit ang kasiyahan ng Allâh. Sa kabilang banda, isang tunay na kapahamakan ang makamit ang poot ng Allâh. Makatuwiran ba sa atin ang makipagtalo sa pagbibigay Da'wah? Ang hangarin natin sa Da'wah ay upang makamit ang kasiyahan ng Allâh. Makakamit ba natin ang mithiing ito sa pamamagitan ng pakikipagtalo na kinasusuklaman naman ng Allâh? Gaano man kanais-nais ang ating layunin, nararapat lamang na ito ay isinasagawa sa mga pamamaraang kasiya-siya sa Allâh. Ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

*Walang idudulot ang magaspang na salitaan kundi kabastusan, at walang idudulot ang mapinong salitaan kundi kabutihan.* (Tirmidhi)

Samantala, ang matiwasay, maginoo at mapinong pakikipag-usap na malaya sa anumang makasasakit ng damdamin ay nagbubunga ng pagkakaunawaan kahit hindi nila tanggapin ang Mensahe ng Islâm. Magiging madali para sa iyo ang muling makipagkita sa kanila kahit pa man din hindi nauukol sa Da'wah.

## Kabanata - 5
## Mga Kinakailangan sa Da'wah

Ang paanyaya tungo sa landas ng Allâh ay batay sa matatag na mga haligi sadyang mahalaga sa larangan ng Dawah. Alinman sa mga ito ang mawala, hindi magiging tama ang Da'wah at hindi ito magbubunga ng mabuti – kahit gaano pa ang pagpupunyagi at panahon ang ibubuhos dito.

Ang mga haliging ito na tumatagayod sa Da'wah ay maliwanag na matutunghayan sa Qur'aan at sa Sunnah. Ang sumusunod ang nagsisilbing buod ng mga ito:

**1. Kaalaman**

Nauukol ito sa kaalaman sa Islâm na siyang mag-aakay sa tao upang maisakatuparan ang kanyang minimithi. Ito ang mga bagay na nanggaling sa Allâh sa pamamagitan ng mga salita ng Kanyang Sugo ﷺ. Sa Banal na Qur'aan, ating matutunghayan:

*Kaya, dapat malaman na walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allâh, at humingi ng kapatawaran sa inyong mga kasalanan.* (Kabanata Muhammad- 47 :19)

Makakamtan ang kaalaman sa masusing pag-aaral. Silang mga nagsipag-aral ng Islâm ay naging maalam. At sa pamamagitan ng pag-aaral, sila ay nagiging mga tagapagmana ng mga Propeta. Hindi nagpamana ang mga Propeta ng kayamanan o ari-arian, bagkus nagpamana ng kaalaman. Higit na yaman ang makakamtan ng sinumang may kaalaman sa Islâm. Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi:

*Gagawing magaan ng Allâh ang landas patungo sa Paraiso sa sinumang tumahak sa landas ng kaalaman.* (Bukhari –243)

Ang Allâh, ang Kataas-taasan ay nagsabi:
*Sabihin! Magkatulad ba ang mga maalam sa mga mangmang?* (Kabanata Az-Zumar- 39:9)

Ang pagtawag tungo sa landas ng Allâh (ad-Da'wah ilallâh) ay pamamaraan ng Sugo at ng kanyang mga tagasunod, katulad ng sinabi ng Allâh – ang Kataas-taasan:

*Sabihin (O Muhammad): Ito ang aking landas; nag-aanyaya ako tungo sa landas ng Allâh nang may tiyak na kaalaman – ako at*

*sinumang sumusunod sa akin. At Purihin at Luwalhatiin ang Allâh. At hindi ako kabilang sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan.* (Kabanata Yoosuf- 12:108)

Ipinarating din sa atin ni Propeta Muhammad ﷺ na higit na matatag laban sa demonyo ang isang Muslim na maalam sa kanyang pananampalataya kaysa isang libong mangmang na mananampalataya. Ang isang maalam ay higit na may pagkakataong gumawa ng kabutihan dahil alam niya ang makapagbibigay kasiyahan sa Allâh; higit siyang may pagkakataong umiwas sa kasamaan dahil batid niya kung ano ang kinasusuklaman ng Allâh; higit siyang makapagtitiis sa mga hamon at kalupitan ng kapaligiran dahil alam niya na ang mga ito ay mga pagsubok lamang na kapag ito'y hinarap nang may pagtitiis, makakamit niya ang lugod ng Allâh; at siya'y magiging higit na mahusay na Da'iyah dahil alam niya ang mga pangaral at mga halimbawa ng Propeta ﷺ sa larangan ng Da'wah.

Magkagayon, ang kaalaman ay mahalaga bukod pa sa pagiging isang tungkulin. Sa isang Hadeeth, ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

*Ang paghahanap ng kaalaman ay isang tungkuling iniatas sa bawa't Muslim.* (Ibn Majah)

Isang gawaing pagsamba sa Allâh ang paghahanap ng kaalaman sa dahilang ang kaalaman ang siyang pundasyon upang makilala ang Allâh, ang Kanyang Deen, at ang Kanyang Sugo.
*Yaon lamang may kaalaman mula sa Kanyang mga alipin ang may takot sa Allâh.* (Kabanata Fatir- 35:28)

Ingatang manawagan habang salat sa mga pangunahing kaalaman sa Islâm at mag-ingat sa pagtalakay ng mga paksa o bagay nang walang sapat na mapapanaligang kaalaman o impormasyon. Manawagan lamang pagkatapos makamit ang tamang kaalaman at magkaroon ng *Baseerah* (malalim na pang-unawa) tungkol dito. Kung ang katotohanan ay sadyang malinaw na at ang Da'iyah ay

nakatitiyak tungkol dito, magkagayon dapat siyang manawagan bilang pagsunod sa Allâh at sa Kanyang Sugo ﷺ.

## 2. Pagganap (o Pagsasakatuparan)

Pagkaraang malaman ang kahalagahan ng kaalaman at ang tungkulin upang makamit ito, nararapat ding malaman na ang tanging layunin ng kaalaman ay upang tupdin ito sa kilos at sa gawa. Anumang kaalaman na walang kaakibat na pagsagawa ay walang naidudulot na magandang bunga sa sinumang nagtataglay nito. Ang Allâh, ang Makapangyarihan ay nagsabi:

*O kayong nananampalataya! Bakit ninyo sinasabi ang hindi naman ninyo ginagawa? Ang pagsasabi ng mga bagay na hindi naman isinasagawa ang kasuklam-suklam sa paningin ng Allâh.* (Kabanata As-Saff, 61:2-3)

Karagdagan nito, binigyang-diin ang kahalagahan ng pagsagawa ng kaalaman nang magsabi si Propeta Muhammad ﷺ:

*Ang bagay na kinatatakutan ko sa mga taong ito ay ang bawa't mapagkunwari na mahusay mangusap at gumagawa ng di-makatarungan.* (Baihaqi)

Ito ay nauukol sa mga taong mahuhusay mangaral, magbigay ng mabubuting salita at payo, subali't ang kanilang pag-uugali at pamumuhay ay taliwas sa mga salitang namumutawi sa kanilang mga labi. Sinumang nakakikilala sa kanya ay nawawalan ng tiwala at pagpapahalaga sa anumang kanyang mga sinasabi gaano man kahusay ang pagkapahayag at kahiman ito ay katotohanan. Malaman man ng tao o hindi ang kanyang di-kanais-nais na gawain, siya ay mapagkunwari pa rin sa mata ng Allâh.

Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: *Sa Araw ng Paghuhukom ang tao ay dadalhin at itatapon sa Impiyerno. Dahil dito, ang kanyang bituka ay luluwa mula sa kanyang tiyan, at siya ay liligid nang paikot na bitbit ang kanyang bituka katulad ng isang burikong*

*nagpapaikot ng kiskisan. Ang kanyang mga kasama sa Impiyerno ay lalapitan siya: Ano ang nangyari sa iyo? Hindi ba inuutusan mo ang taong gumawa ng mabuti at iwasan ang masama? Siya'y nagsabi: Gayun na nga. Pinapayuhan ko ang ibang gumawa ng mabuti nguni't hindi ko naman ito ginagawa sa aking sarili, at pinagbabawalan ko silang gumawa ng kasamaan subali't aking ginagawa ito.* (Bukhari at Muslim)

Makatuwiran lamang sa isang taong maalam sa Islâm na maging mabuti at makatarungan sa kanyang pamumuhay. At bilang isang Da'iyah, nararapat lamang na makita sa kanya ang pagiging masunurin sa Allah, ang kabutihang asal, at ang magandang pakikipag-ugnayan sa kapuwa. Ang mga katangiang ito ang dapat na maging likas na bunga ng kanyang natamong kaalaman sa pananampalataya. Sa isang Hadeeth na isinalaysay ni Abu Hurairah (kalugdan nawa siya ng Allâh), ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

*Ang kaalamang hindi nagbibigay bunga (o kabutihan) kaninuman ay kahalintulad ng isang kayamanan na hindi ginugugol sa landas ng Allâh.* (Imaam Ahmad 2/499)

Ang isang mangmang ay hindi lamang matatagpuan sa mga taong walang kaalaman bagkus pati na rin sa mga maalam na walang namang ibinubungang mabuti ang nalalalaman. Isinalaysay ni Suffyan Ibn Oyainah (kalugdan nawa siya ng Allâh), ang isang Hadeeth ni Propeta Muhammad ﷺ kung saan siya ay nagsabi:
*Ang pinakamangmang sa tao ay yaong iniiwan (di-pinahahalagahan) ang kanyang nalalaman, at ang pinakamaalam sa tao ay yaong isinasagawa ang nalalaman, at ang pinakamahusay sa tao ay yaong pinakamapagkumbaba sa Allâh.* (Addarami 1/82 H337)

Pinawawalang-halaga ng tao ang kanyang kaalaman kung hindi niya ito isinakatuparan sa kanyang sarili, at hindi niya ito itinuturo sa pamilya at maging sa iba. Masasabi ba nating may naibungang

kabutihan ang nalalaman kung hindi ginagawa ang tungkuling magbigay-Da'wah?

Sa larangan ng Da'wah at maging sa ibang bahagi ng ating pamumuhay, ang ating salita, kilos at gawa ay nararapat na umaalinsunod sa pamamaraan ni Propeta Muhammad ﷺ. Wala nang iba pang pagsunod ang hihigit sa pagsunod sa kanya sa sinumang nagnanais na makamtan ang kasiyahan ng Allâh.

### 3. Ang Kadalisayan ng Layunin (*Al-Ikhlaas*)

Ang layunin sa Da'wah ay nararapat na dalisay at matapat tanging sa kasiyahan at pag-asam sa biyaya ng Allâh. Hindi ito isinasagawa bilang pagtatanghal, ni hindi upang makilala, ni hindi sa pagkakaroon ng magandang katayuan, ni hindi upang maging isang pinuno, at ni hindi upang makamit ang alinmang makamundong pakay. Ang Allâh ay nagsabi:

*Kaya mag-anyaya sa landas ng Allâh, gawing matapat ang pananampalataya sa Kanya, gaano man ito kasuklaman ng mga di-nananampalataya.* (Kabanata Ghafir, 40:14)

Lahat ng layunin ay dapat magmula sa puso at nararapat na ituon lamang ito sa Allâh. Si Umar bin Al-Khattab (kalugdan nawa siya ng Allâh) ay nagsalaysay na ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

*Ang gantimpala ng mga gawa ay batay sa layunin, at bawa't tao ay makakamtan ang gantimpala ayon sa naging hangarin nito.* (Bukhari 1/1 at Muslim 3/4692)

Kailangan nating iwasan at talikuran ang anumang uri ng pagpapahalaga sa sarili, pagyayabang at pagmamataas upang makamit lamang ang pagpuri ng tao. Isinalaysay ni Jundub (kalugdan nawa siya ng Allâh) na ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

*Sinumang nagnanais na ang kanyang mabuting gawa ay malaman ng tao upang makamit ang kanilang pagpuri, ibubunyag ng Allâh*

*sa tao ang kanyang tunay na layunin (sa Araw ng Paghuhukom). At sinumang gumawa ng mabuti bilang pagpapakitang-tao at kanyang nakamit ang kanilang pagpuri, ibubunyag ng Allâh ang tunay niyang layunin (at hahamakin siya).* (Bukhari 8/506)

Taliwas sa ibang tagapagpalaganap ng ibang mga relihiyon, ang isang Muslim ay hindi ginagawang puhunan ang kanyang katalinuhan sa larangan ng pagpapalaganap ng Islâm upang maglikom ng kayamanan at ari-arian. Ginagawa niyang huwaran ang mga Propeta na higit na hinahangad ang walang hanggang kasapatan at kaginhawahan sa kabilang buhay kaysa sa mga yamang pansamantala dito sa lupa.

## 4. Pagtitiis at Pagtitimpi

Pagkaraang maunawaan ang mga naturang paksa, dapat isaisip na ang paghahanap ng kaalaman, pagsasakatuparan ng ayon dito, at ang pag-anyaya sa tao tungo sa Allâh ay nangangailangan ng ibayong pagtitiis. Maraming mga katibayan ang nagpapatunay sa kahalagahan ng pagtitiis at ang pagsagawa nito. Inihayag ng Allâh sa Banal na Qur'aan:

*O kayong nananampalataya! Maging matatag at magkaroon ng higit na pagtitiis.* (Kabanata Al-'Imran-3:200)

Punung-puno ng hamon at pagsubok ang buhay dito sa mundo. Kung tutuusin, higit na may balakid ang landas ng isang taong nagsisikap tumahak sa landas ng kabutihan. Higit na matinik at mabato ang daan ng pagiging masunurin sa Allâh, kaya naman ang nagnanais manatili sa landas na ito ay tunay na nangangailangan ng higit na pagtitiis.

*O kayong nananampalataya! Hanapin ang tulong (ng Allâh) nang may pagtitiis at pagdarasal. Katotohanan, kasama ng Allâh ang mga matiisin.* (Kabanata Al-Baqarah-2:153)

Pangako ng Allâh na siya ay kasama natin kapag tayo'y manatiling matiisin sa mga pagsubok sa buhay dito sa mundo. Higit nating binibigyang-halaga at pinapangarap ang magiging hantungan ng mga matiisin – ang walang hanggang Paraiso, kapalit ng maikling panahong pagtitiyaga, pagpaparaya, pagpapaumanhin at pagtitiis sa mga maaaring kaharapin o danasin sa mundong ito.

*Ang mga matiisin lamang ang makatatanggap ng kanilang biyayang ganap nang walang pagtutuos.* (Kabanata Az-Zumar-39:10)

Ang Propetaﷺ ay nagsabi na nagbibigay-tanglaw ang pagtitiis. (Muslim 1/203 H223)

Ang lahat ng naunang nabanggit ay pinag-isa sa *Soorah* (kabanata) Al Asr. Ang Allâh ay nagsabi:

*(Pinatutunayan Ko) Sa (pamamagitan ng) panahon, katotohanan ang tao ay nasa kawalan (at pagkapahamak) maliban sa mga nananampalataya at gumagawa ng matuwid at nagpapayuhan ng katotohanan at nagpapayuhan ng pagtitiis.* (Kabanata Al-'Asr- 103:1-3)

## Kabanata - 6
## Mga Katangian ng Isang Da'iyah

*Katotohanang nasa Sugo*ﷺ *ng Allâh ang isang magandang halimbawa para sa inyo upang pamarisan, sa kaninumang may pag-asa sa (pagharap sa) Allâh at sa Huling Araw, at lagi nang alaala ang Allâh.* (Kabanata Al-Ahzab, 33:21)

Sa pagbibigay Da'wah, si Propeta Muhammadﷺ ang nararapat na maging huwaran dahil taglay niya ang pinakamataas na antas ng mabuting katangian at magandang pag-uugali. Walang alinlangang makabubuti sa atin ang pagsunod sa kanya dahil ang kanyang mga pangaral at salita sa anumang katayuan ay nagmula sa Allâh. Matutunghayan sa Banal na Qur'aan:

*Ni hindi siya nagsasalita nang ayon lamang sa sariling nais. Ito ay walang iba kundi isang Pahayag na ibinaba sa kanya.* (Kabanata An-Najim, 53:3-4)

Naitala ni Imam Ahmad na si Abdullah bin 'Amr ay nagsalaysay, *Isinusulat kong lahat ang aking naririnig sa Sugo*ﷺ *ng Allâh upang ito ay mapanatili. Pinigilan ako ng mga Quraish sa aking pagsulat na nagsabi : Sinusulat mo ba ang lahat ng iyong marinig sa Sugo*ﷺ *ng Allâh samantalang siya ay isang tao rin at magkaminsa'y nagsasalita rin kapag siya ay galit ? Kaya pansamantala kong itinigil ang aking pagsulat, subali't binanggit ko ang kanilang sinabi sa Propeta*ﷺ, at siya ay nagsabi: *Magsulat ! Isinusumpa ko sa Kanya na may hawak ng aking kaluluwa, bawa't lumabas na kataga mula sa akin ay Katotohanan.* (Abu Dawood, 4 :60)

Upang makatiyak tayong tatanggapin ng Allâh ang anumang ating gawain, nararapat lamang na ayon ito sa mga itinuro ng Propetaﷺ.

*Sinumang sumunod sa Propeta* ﷺ *ay katotohanang sumunod sa Allâh.* (Kabanata An-Nisa'a 4 :80)

Dapat nating tandaan na sinumang nagsisikap sundin ang mga ipinag-uutos at ipinagbabawal ng *Allâh* nang may katapatan – sa pamamagitan ng pagsunod kay Propeta Muhammadﷺ, walang siyang makakamtang gantimpala kundi Paraiso. Hinggil dito ang Propetaﷺ ay nagsabi :

*Ang lahat ng aking mga tagasunod ay makapapasok sa Paraiso maliban lamang sa mga tumanggi. Sila'y nagtanong: O Sugo ng Allâh, sino ang tumanggi ? Siya'y nagsabi : Sinumang sumunod sa akin ay makapapasok sa Paraiso, at sinumang sumuway sa akin ay tumanggi.* (Bukhari, Vol.9 #384)

Ang ating pagsunod sa mga tagubilin ni Propeta Muhammadﷺ ang nagsisilbing daan upang matamo natin ang habag at kapatawaran

ng Allâh – na siyang kailangan upang igawad sa atin ang Kanyang ipinangakong Paraiso.

*Sabihin (O Muhammad)! Kung mahal ninyo ang Allâh, sumunod sa akin. Mamahalin kayo ng Allâh at patatawarin ang inyong mga kasalanan, sapagka't ang Allâh ay Lagi nang Mapagpatawad, ang Mahabagin.* (Kabanata Al-Imran, 3:31)

Karagdagan sa mga tinalakay sa naunang kabanata hinggil sa paksang, **Mga Kinakailangan sa Da'wah**: Kaalaman, Pagganap, Kadalisayan ng Layunin (Ikhlaas), at ang Pagtitiis at Pagtitimpi, narito ang iba pang mga pansariling katangian na dapat taglayin ng sinumang nagnanais na maging isang Da'iyah:

## 1. Matapat

*...O kayong nananampalataya ! Magkaroon ng Taqwa sa Allâh, at mabilang sa mga makatotohanan.* (Kabanata At-Tawhab, 9:119)

Ang isang taong may takot sa Allâh ay likas na makatotohanan sa kanyang salita at gawa dahil sinisikap niyang gawin ang ipinag-uutos ng Allâh, at nagsisikap iwasan ang lahat ng ipinagbabawal ng kanyang Rabb (Panginoon).

Bilang isang tagapagpalaganap ng Islâm, ang Da'iyah ay nararapat na maging matapat at makatotohanan maging sa mga pagkakataong hindi ayon sa kanyang nais ang mga nangyayari.

*Panghawakan ang katotohanan, sapagka't ang katotohanan ay nag-aakay sa mabuting gawa, at ang mabuting gawa ay nag-aakay sa Paraiso. Katotohanan, kung ang tao ay patuloy na magsabi ng katotohanan at gawin ang katotohanan bilang kanyang layunin, siya'y itatala sa harapan ng Allâh bilang isang marangal at matapat. Iwasan ang kasinungalingan, sapagka't ang kasinungalingan ay nag-aakay sa kasamaan, at ang kasamaan ay nag-aakay sa Impiyerno. Katotohanan, kung ang tao ay patuloy na*

*magsabi ng kasinungalingan at gawin ang kasinungalingan bilang kanyang layunin, siya'y itatala sa harapan ng Allâh bilang isang labis na sinungaling.* (Imaam Ahmad, 1384)

a. Makatotohanan sa Paniniwala. Ang isang Da'iyah ay dapat magkaroon ng tamang paniniwala na nakabatay sa pagiging makatotohanan sa Allâh na malaya sa anumang pagkukunwari, pandaraya at pagtangkilik lamang. Ang pagiging makatotohanan ay kabaligtaran ng pagkukunwari. Dapat nating panindigan ang katotohanan dahil ang Islâm ay isang pananampalataya ng Katotohanan. Matutunghayan sa Banal na Qur'aan:

   *At yaong naniniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo ﷺ sila'y Sadiqqin (makatotohanan) at mga martir sa paningin ng kanilang Rabb (Panginoon). Makakamtan nila ang kanilang gantimpala at ang kanilang liwanag...* (Kabanata Al-Hadid, 57 :19)

b. Makatotohanan sa Pananalita. Walang sinumang lalapit sa kasinungalingan malibang siya ay may masamang pakay, at isang may mahinang katauhan at kaluluwa. Sa kabilang banda, ang isang mabuting tao ay tumutuligsa sa kasinungalingan at ito ay kanyang kinasusuklaman. Ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

   *Ang isang bagay na pinangangambahan ko sa mga taong ito ay ang bawa't mapagkunwari na mahusay magsalita at gumagawa ng di-makatarungan.* (Baihaqi)

   Hindi tayo dapat magsalita ng anuman tungkol sa Propeta ﷺ at tungkol sa kabuuan ng Islâm nang walang batayan sa Banal na Qur'aan at sa mga Sunnah o sa mga mapapanaligang pasiya ng mga paham sa Islâm. Isinalaysay ni Ali bin Abi Talib (kalugdan nawa siya ng Allâh) na ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

   *Huwag magsinungaling laban sa akin, sapagka't sinumang magsabi ng kasinungalingan tungkol sa akin (nang sinasadya),*

*magkagayo'y magkakaroon siya ng upuan sa Impiyerno.* (Bukhari, 1/106 at Ibn Majah, 1/31)

c. Makatotohanan sa Gawa. Ang mga gawa ng isang Da'iyah ay nararapat na dalisay para sa Allâh lamang, nang walang halong pakitang-tao o paghahangad na magkaroon ng magandang pangalan. Siya ay dapat na maging huwaran sa pag-uugali. Ang kanyang pananalita ay dapat naaayon sa kanyang mga kilos at gawa. Umiiwas siya sa pagiging makasarili at pakikipagtalo. Laging mahinahon sa pananalita sa lahat ng pagkakataon at kalagayan.

*At sa sangkatauhan ay may makatatagpuan na sa kanyang pananalita ay tunay na masisiyahan ka, sa makamundong pamumuhay na ito, at kanyang tinatawag ang Allâh bilang kanyang saksi sa nilalaman ng kanyang puso, gayunpama'y siya ang pinakapalaaway sa mga katunggali.* (Kabanata Al-Baqarah, 2:204)

Ating maaasahan ang gantimpala mula sa Allâh kung ating panatilihin ang pagiging makatotohanan sa salita at sa gawa.

*Upang gantimpalaan ng Allâh ang mga matatapat sa kanilang pagiging makatotohanan, at parusahan ang mga mapag-kunwari...* (Kabanata Ahzab, 33:24)

Narito ang isa sa mga pangaral ng Propeta ﷺ tungkol sa pagiging makatotohanan:

*Ipangangako ko sa inyo ang Paraiso kung inyong maipangako sa akin ang anim na bagay. Magsabi ng totoo kapag nagsasalita; tumupad sa mga naipangako; tupdin ang mga tiwalang ibinigay sa inyo; iwasan ang pakikiapid; ibaba ang paningin; at pigilin ang kamay sa paggawa ng di-makatarungan.* (Ahmad at Baihaqi)

Magkagayon, ang tagumpay ng Da'wah ay ang pagiging makatotohanan sa pagsagawa nito, ang pagbibigay ng kahalagahan tungkol dito, at ang pagiging makatotohanan sa pananalita at sa gawa – na siyang dapat maging angking pamamaraan at taglay na katangian.

**2. Masunurin**

Ang isang matapat na Muslim ay sadyang masunurin sa Allâh. Hindi siya kailanman lumalabag sa hangganan, at sinusunod niya ang mga kautusan at patnubay ng Allâh maging ang mga ito ay salungat sa kanyang nais o minimithi.

*Nguni't hindi! Isumpa man sa iyong Rabb, hindi sila magkakaroon ng pananampalataya hangga't hindi ka nila ginagawang tagapagpasiya (O Muhammad) sa lahat ng kanilang di-pagkakaunawaan, at ang mga sarili'y hindi nagtataglay ng anumang pagtutol sa iyong mga pasiya, at kanilang tinatanggap ang mga ito nang buong pagsuko.* (Kabanata An-Nisa, 4:65)

Ang pagsunod ng Muslim sa kanyang pamunuan ay nangangahulugan din ng pagsunod sa Allâh. Dahil dito, ang Qur'aan ay nag-uutos sa mga mananampalataya na maging masunurin sa kanilang pinuno :

*O kayong nananampalataya ! Sundin ang Allâh, ang sundin ang Sugo, at yaong may awtoridad sa inyo.* (Kabanata Al Nisa', 4:59)

Magkagayunman, ang pagtalima sa pamunuan ay may hangganan. Ito ay hindi dapat humantong sa anumang pagsuway sa ating Dakilang Lumikha.

*Isinalaysay ni Abdullah bin Umar na ang Propeta ﷺ ay nagsabi: Pinag-uutusan ang Muslim na makinig at sumunod sa anumang naaayon o sumasalungat sa kanyang nais, maliban lamang kung*

*inuutusang siyang gumawa ng kasalanan – magkagayon walang dapat gawing pakikinig o pagsunod.* (Bukhari 7144 at Muslim 1839)

Upang supilin ang rasismo (kawalang katarungan sa pagbibigay-tangi sa anumang lahi o angkan), Si Propeta Muhammadﷺ ay binigyang-diin na sumunod sa kanilang pinuno kahit anupaman ang kanyang lahi, kulay at katayuan sa buhay. Siyaﷺ ay nagsabi:

*Nararapat na makinig at sumunod sa inyong pinuno maging siya man ay isang taga-Ethiopia na ang ulo ay kagaya ng isang pasas.* (Imam Bukhari)

**3. Matiisin (Saber)**

Ang lahat ng gawaing pagsamba, maging sa Da'wah, ay nanga-ngailangan din ng pagtitiis. Ang Allâh, ang Kataas-taasan ay nagsabi :

O kayong nananampalataya! Maging matatag at magkaroon ng higit na pagtitiis. (Kabanata Al'Imran, 3:200)

Ang pagkamatiisin ay kakambal ng *Yaqeen* (katiyakan).

*At Aming hinirang mula sa kanila, mga pinuno na nagbibigay patnubay sa ilalim ng Aming pag-uutos, kung sila'y nagtitiis at naniniwala nang may katiyakan sa Aming mga Ayaat (Tanda)* (Kabanata As-Sajdah, 32 :24)

Yaong nagkukulang sa katatagan at pagtitiis ay maaaring tatalikuran niya ang kanyang pananampalataya sa pagdating ng pagsubok sa kanya, o di kaya 'y iiwanan ang kanyang tamang pamamaraan at kaalaman kapag siya ay nasa gitna ng isang hamon o nakalulumong kalagayan.

*Kaya maging matiisin. Katiyakang totoo ang pangako ng Allâh. At huwag hayaang masiraan ka ng loob (sa iyong pagpapalaganap*

*ng Mensahe ng Allâh) dahil lamang sa mga (taong) walang katiyakan sa panananampalataya* (Kabanata Ar-Rum, 30:60)

Manatiling matatag sa Da'wah dahil tayo ang tagapagtaguyod ng Mensahe ng Propeta ﷺ sa pagpapalaganap katotohanan. Huwag panghinaan ng loob sa mga balakid na tiyak na darating sa larangan ng Da'wah. Huwag tatalikuran ang Da'wah sa kaunting pagsubok lamang. Sino pa ba ang magpapahayag ng katotohanan kundi tayong mga Muslim na may tangan ng tamang pananampalataya. Hahayaan ba nating mamuhay ang ating kapuwa sa dilim ng kasinungalingan?

*At maging matiisin sa anumang sinasabi nila, at lumayo sa kanila sa mahusay na paraan. At iwanan mo sa Akin ang pakikitungo sa mga nagsisipagtakwil, silang may angking yaman sa buhay. At bigyan sila ng palugit nang pansamantala.* (Kabanata Al-Muzzammil, 73 :10-11)

Laging asahan na ang pamamalagi dito sa lupa ay lagi nang may balakid at suliranin. Gayundin naman sa Da'wah. Kung itatanim sa puso't kaisipan ng isang Muslim na siya'y magkakaroon ng balakid sa kanyang Da'wah, ang pagdating ng pagsubok ay hindi na magiging suliranin sa kanya manapa'y isang kasiyahan upang masubok niya ang kanyang pagiging matiisin.

Huwag tayong magmadali sa magiging bunga ng ating Da'wah. Ang pagmamadali ay hindi naaayon sa pagiging matiisin. Wala sa ating kamay ang magiging bunga ng Da'wah. Ito ay naaayon lamang sa anumang itinakda na ng Allâh.

*Subali't kung sila'y magsipagtalikod, hindi ka Namin isinugo bilang isang Hafiz (makapangyayari) sa kanila. Ang iyong tanging tungkulin ay maghatid (ng Mensahe)...*(Kabanata Ash-Shura, 42:48)

Kaya huwag masiraan ng loob at huwag maghinagpis at manlumo kung tila walang magandang bunga ang ginagawang Da'wah.

Tayo at maging ang mga Propeta ay inutusan lamang gawin ang makakaya tungo sa landas ng Allâh.

*At ang aming tungkulin ay maghatid lamang (ng Mensahe) nang maliwanag.* (Kabanata Ya Sin, 36:17)

Ang tanging magagawa natin ay magsikap sa ating tungkuling ipalaganap ang Islâm, at tayo'y umasang hindi mawawalan ng saysay ang pagsisikap na ito.

*Sinumang gumawa ng mabuti at siya'y isang mananampalataya, hindi pagkakaitan ang kanyang pagsisikap.* (Kabanata Anbiya, 21:94)

### 4. Mapagkumbaba

Ang kababaang-loob ay pagsusuri sa kabuluhan ng sarili, pag-iwas sa pagmamalaki, pagtalikod sa pagwawalang-bahala sa katotohanan, at ang paglayo sa pangmamaliit sa kapuwa. Ang Propeta ﷺ ay nagsabi,

*Al-Kibr (pagmamalaki o kapalaluan) ay ang pagtalikod sa katotohanan at ang pangmamaliit sa tao.* (Muslim at Nisae)

Isa sa mga naunang Ameer (pinuno) ng mga Muslim na si Abdullah bin al-Mubarrak ay minsa'y pumunta sa Khuraassan (sa Persia) at dinalaw niya ang isang Muslim na bantog sa kanyang pagiging madasalin. Nang siya'y pumasok sa kinaroroonan ng taong yaon, hindi man lang niya binigyang-pansin ang Ameer. Pagkaalis ni Ameer Abdullah bin Al-Mubarak, ang ilan sa mga nakasaksing naroroon ay nagsabi sa kanya, hindi mo ba nakikilala yaong pumasok dito? Hindi, ang tugon niya. Kaya kanilang sinabi, siya ang Ameer ng mga Muslim! Kapagdaka'y hinabol niya at nagsabi, O Ameer! Ipagpaumanhin mo at payuhan mo ako! Sumagot si Ameer Abdullah Al-Mubarak, *Sinumang iyong makatagpo, ituring mong higit siyang mahusay kaysa sa iyo.*

Kung ang payong ito ang panghahawakan ng tao, lagi siyang may pakundangan at paggalang sa kanyang kapuwa. Mawawala ang pang-aapi at pagyurak sa kapuwa tao at ang mundo'y magiging malaya sa rasismo. Sinabi ng Propeta ﷺ: *Walang ibubunga ang kababaang-loob kundi kabutihan.* (Bukhari at Muslim)

Ang kababaang-loob ay pagpapakumbaba sa mga kasamahan at kapuwa Da'iyah. Huwag isiping nakahihigit ka kaninuman. Huwag hayaang pumasok sa puso ang inggit.

Ang kababaang-loob ay pagpapakumbaba sa sinumang nakabababa sa iyo. Kapag nakatagpo ng nakababata sa iyo, o mababa ang katayuan kaysa sa iyo, huwag siyang matahin sa dahilang maaaring higit siyang may malinis na puso, kakaunti ang kasalanan, o dili kaya'y higit siyang malapit sa Allâh kaysa sa iyo. Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi :

*Ang kababaang-loob at pananampalataya ay lagi nang magkasama. Kapag inalis ang isa, mawawala rin ang isa.* (Baihaqi)

Kahit makatagpo ka ng isang makasalanan, huwag kumilos nang may pagka-arogante sa kanya, bagkus magpasalamat sa Allâh at inilayo ka Niya sa kinalalagyang pagsubok ng taong yaon. Laging tandaan na maaaring may halong Riyaa (pagkukunwari) ang mga mabubuting gawa kaya ito'y mawawalan ng saysay. Ang taong iyong nakatagpo ay maaari rin namang nalulungkot, nagsisisi at natatakot sa kanyang mga nagawang kasalanan, na maaaring maging dahilan ng pagpapatawad ng Allâh sa kanyang mga kasalanan.

Isinalaysay ni Jundub (nawa'y kalugdan siya ng Allâh) na si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi na may isang taong nagsalita, *Isinusumpa ko sa Allâh, hindi patatawarin ng Allâh ang taong yaon! Dahil dito'y nagsabi ang Allâh, Sino ang nagsabing hindi Ko patatawarin ang taong yaon? Katiyakan, Aking pinatawad ang*

*taong yaon, at pinawalang-bisa ang mabubuting gawa ng nagsabi nito.* (Muslim)

Ang kababaang-loob ay pagturing sa mga nagawang mabubuti, gaano pa ito karami, ay hindi pa sapat sa iyong paningin. Kung gumagawa ng kabutihan at nagsisikap na mapalapit sa Allâh, maaari pa ring hindi tanggapin ang mga ito.

*Tinatanggap lamang ng Allâh (ang mabubuting gawa) mula sa mga (taong) may Taqwa.* (Kabanata Al-Maida, 5:27)

Ang kababaang-loob ay ang pagsupil kay Satanas kapag ikaw ay kanyang binubulungang itakwil ang payo ng nagpapayo sa iyo. Kapag may nagpapayo sa iyo, tanggapin ito nang buong puso, pasalamatan siya, at ipagdasal siya. Supilin ang labis na pagpapahalaga sa sarili at pagmamataas kapag nakarinig ng pagpapayo hinggil sa iyong kamalian. Huwag isiping ibinababa niya ang iyong katayuan sa pagbibigay ng payo sa iyo. Tanggapin ang katotohanan tungo sa higit sa kahusayan. Laging tandaan ang sinabi ng Propeta ﷺ: *Al-Kibr ay ang pagtalikod sa katotohanan at ang pangmamaliit sa tao.* (Muslim at Nisae)

Ang isa sa mga Ameer ng mga mananampalataya na si Omar (nawa'y kalugdan siya ng Allâh) ay nagsabi, *Nawa'y magkaroon ng habag ang Allâh sa isang taong nagsasabi sa amin ng aming mga pagkakamali (at pagkukulang).*

**5. Makatarungan**

Ang pagiging makatarungan ay isang katangian ng isang Muslim sa lahat ng bagay nang walang pagliban. Ito ang pagbibigay sa bawa't isa ng kanyang kaukulang karapatan. Ang konsepto ng katarungan at ang mga halimbawa nito ay sadyang napakalawak upang talakayin sa isang maikling pangungusap. Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga mahahalagang uri:

1. Katarungan sa Kaaway at Kaibigan. Kadalasan, kapag nababanggit sa isang tao ang kanyang mga kaibigan, mahuhusay na salita ang mamumutawi sa kanyang labi kahit alam niya minsan na hindi ito marapat sa kanila. Samantala, kapag nababanggit sa kanya ang kanyang mga kaaway, panay pamumuna ang mamumutawi sa labi niya kahit alam niyang kalabisan o kasinungalingan ang sinasabi niya.

   Pinupuna ba ng isang Da'iyah ang kamalian o kapintasan ng kanyang mga kasama na sumusunod sa kanyang sistema't pamamaraan? Maibibigay ba niya ang kanyang matapat na pagpapahalaga sa mga mabubuting gawa ng isang taong mayroon siyang di-pagkakaunawaan? Kung kanyang magagawa ito, magkagayo'y naisagawa niya ang katarungan sa kalagayang ito.

   *...at huwag hayaan ang inyong pagkapoot na makagawa kayo ng di-makatarungan. Maging makatarungan, ito ay malapit sa pagiging makadiyos.* (Kabanata Al-Maida, 5:8)

2. Katarungan sa Pagbibigay-puna sa mga Aklat. Sa pagsusuri ng mga Aklat pang-Islâm, hindi makatarungan na banggitin lamang ang mga kahinaan nito, (halimbawa, paggamit ng may akda ng mga mahihinang Hadeeth) at isinasa-isantabi ang mga magagandang kapupulutan mula rito at ang mahuhusay na pananaliksik ng may akda. Kadalasan, kapag ang mambabasa ay nakakita ng isang kamalian sa aklat, iniiwasan niyang lahat ito at binabalaan ang ibang huwag basahin ito. Ang pagbanggit sa kalahati ng katotohanan at di-pagsaalang-alang sa kalahati ay isang kawalang-katarungan.

3. Katarungan sa Paghuhusga sa iba't ibang Pangkat ng Da'wah. Bagaman ang layunin ng bawa't pangkat ng Da'wah ay bigyang buhay muli ang pamumuhay Islâmiko, o ipagpatuloy ang Da'wah sa mga di-Muslim, o buhaying muli ang Sunnah, o anupamang marangal na layunin, hindi maitatatwa na ang

bawa't isa'y may kanya-kanyang paraan ng pagpapatupad. Marami ang nagbibigay opinyon at pinag-aaralan ang mga pangkat na ito sa bawa't angulo, subali't kadalasa'y hindi sila nagiging makatarungan sa pagbibigay-puna sa mga ito. Nagbibigay sila ng matamang paghanga sa pamamaraan ng isa at binibigyan ng labis na pagpuri. Sa kabilang dako naman, ibinibigay sa isa ang lahat ng uri ng kamalian kung nakakitaan niya ito ng isang bagay na hindi umaayon sa kanyang pamantayan. Isang makatarungan na ang pagbibigay-puna sa mga pangkat ng Da'wah ay ang paggamit ng detalyeng pangungusap, katiyakan, kawastuhan, at banggitin kapuwa ang kanilang mabubuti at masasamang aspeto ng pamamaraan.

4. Katarungan sa Pangkalahatang Kabatiran sa Islâm. Ang pagtupad sa isang bahagi ng *Deen* (pananampalataya) at ang paglisan sa ibang bahagi ay isa sa mga katangian ng mga napahamak na bansa o lahi, at isa sa mga malulubhang dahilan ng pagkawatak-watak at di-pagkakaunawaan ng mga Da'iyah. Ang Allâh ay nagsabi:

   *...subali't kanilang iniwan ang malaking bahagi ng Mensahe na ipinadala sa kanila. Kaya itinanim Namin sa kanila ang poot at galit sa isa't isa hanggang sa Araw ng Pagbabangong-muli..* (Kabanata Al-Ma'idah, 5:14)

   Sinumang nagnanais mag-Da'wah sa kabila ng kawalan ng tamang pang-unawa sa mga pangunahing saligan, at kawalan ng hangaring matamo ang ibayong kaalaman tungkol dito, maaaring igabay niya ang tao sa mga Bid'aah (mga pagbabago na salungat sa aral ng Islâm) sa halip na ituwid at igabay sila sa tamang landas.

5. Katarungan sa mga Pangyayari. Nararapat na batid ng isang Da'iyah ang mga nangyayari sa kanyang paligid, at dapat alam niya ang kasalukuyang kaganapan maging pang-indibidwal, panlipunan o pampolitika. Nagsisikap siyang malaman ang ugat

ng paglihis at naghahanap ng paraan upang ituwid ang paglihis pagkaraan malantad ito sa kanya. Ang katarungan ay ang pagkakaroon ng tamang kabatiran sa mga tunay na nangyayari, pagbibigay dito ng lakas ng Islâm, at pagtutuwid sa anumang paglihis ayon sa kakayahan.

6. Katarungan sa Pakikitungo sa Iba't ibang Opinyon o Kuro-kuro. Ang pagkakaiba ng opinyon ay isa sa mga likas na katangian ng tao. Ang Allâh ay nagsabi :

   *At kung ninais ng iyong Rabb (Panginoon), katiyakang ginawa Niyang iisang Ummah (pamayanan) ang sangkatauhan, subali't hindi sila titigil sa pagtatalo (pagkakasalungatan). Maliban sa kanyang ginawaran ng iyong Rabb ng Kanyang Habag...*(Kabanata Hud, 11:118-119)
   Walang alinlangan, nagkakasalungat o nagkaiba-iba ang tao dahil sa pagkakaiba ng layunin at dahilan; pagkakaiba ng pag-iisip at pananaw; at pagkakaiba ng kabatiran sa kaalaman.

   Ang pakikitungo sa ganitong kalagayan ay nangangailangan ng matatag na paninindigan sa Shari'ah. Ang katarungan ay ang pagtanggap sa pagkakaiba kung ito ay pinahihintulutan sa Batas Islâmiko.

## 6. Mahabagin (Madamayin)

Kailangan natin ngayon ang isang Da'iyah na nagtataglay ng isang pusong nag-aalab ng pagmamalasakit sa kabuuang Muslim. Ang matapat at madamaying Da'iyah ay nagmamalasakit sa katayuan ng pamayanang Muslim maging anuman ang kanilang lahi at saan mang lugar sila naroroon.

Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: *Ang katulad ng mga nananampalataya sa kanilang kabaitan at habag sa bawa't isa ay ang katawan; kapag ang isang bahagi ay may karamdaman, ang*

*buong katawan ay tumutugon sa lagnat at di-pagkatulog.* (Muslim, 4:1999)

Ang isang tunay na Muslim ay nadarama ang hapdi ng isang kapuwa Muslim na dumaranas ng kapighatian. Nakararamdam siya ng sakit kapag nakaririnig na nasa kapahamakan ang kanyang mga kapatid sa pananampalataya. Nalulungkot siya kapag lumalaganap ang kasalanan at pagsuway sa mga Muslim. Isang kalungkutan na hindi nagtataboy sa kanya upang talikuran na lamang ito bagkus nagsisikap siyang lutasin ito o di kaya'y mabawasan man lang ang kirot ayon sa kanyang makakaya. Ang pakikiramay na ito ay dapat magtulak sa kanya upang maging masigasig sa pagbabago ng kanyang sarili, asawa at mga anak. Anyayahan sila tungo sa kabutihan at pagbawalan sila sa paggawa ng anumang makapagbibigay-galit sa Allâh.

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi: *Ang (katayuan ng) isang mananampalataya sa kapuwa mananampalataya ay katulad ng isang gusali na ang bawa't bahagi ay umaalalay sa isa't isa. At kanyang pinagdaop ang kanyang mga kamay na magkasala-salabat ang mga daliri.* (Fath Al-Bari, 5:119)

Maraming mga Da'iyah ang mahuhusay magsalita tungkol sa Islâm subali't kaunti sa kanila ang may damdaming pagkahabag sa kanyang kapuwa Muslim. Kapag ang pagiging madamayin ay nasa puso ng isang Da'iyah, magbibigay ito ng kapaki-pakinabang na Da'wah, pagpapayo, at pakikiramay sa kapighatian ng mga Muslim.

Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: *Ang isang Muslim ay kapatid sa kapuwa Muslim – hindi niya ito ginagawan ng masama o hinahayaang magdusa. Kung sinuman ang tumulong sa pangangailangan ng kanyang kapatid, tutulungan siya ng Allâh sa kanyang pangangailangan. Kung sinuman ang mag-alis sa ligalig ng kanyang kapatid, aalisin ng Allâh ang ligalig sa kanya sa Araw ng Pagbabangong-muli. Kung sinuman ang magtago sa lihim ng*

*kanyang kapatid, itatago ng Allâh ang kanyang mga lihim sa Araw ng Pagbabangong-muli.* (Bukhari at Muslim)

Kapag nawala sa isang Muslim ang pagiging pagkamadamayin, siya'y nabubuhay na lamang para sa kanyang sarili, sa asawa at sa mga anak – nabubuhay na lamang upang masiyahan sa kanyang tinatamasa, at nalilimutan ang mga ligalig ng kapuwa Muslm. Sa ganitong kalagayan, tinalikdan na niya ang tunay na kahulugan ng *Walaa'* (pagmamahal sa kapuwa Muslim).

**7. Malinis sa Katawan at sa Pananamit**

Nais ng Islâm na ang Muslim ay mamukod-tangi sa gitna ng mga tao, kaagad na makikilala siya sa kanyang anyo, pananamit, kagalang-galang na pagkilos, at mabuting asal – upang maging mabuting halimbawa at karapat-dapat sa dakilang Mensahe na kanyang inihahatid sa tao.

Nang maglakbay ang kanyang mga kasamahan, ang Propeta ﷺ ay nagbigay tagubilin sa kanila: *Kayo ay aalis upang dalawin ang inyong mga kapatid, kaya ayusin at kumpunihin ang mga siya' (saddle) sa inyong mga kabayo, tiyaking nakabihis kayong mabuti, upang lumitaw at maging bantog kayo sa tao katulad ng palamuti, sapagka't hindi nais ng Allâh ang kapangitan.* (Abu Dawood)

Ang isang matapat na Muslim ay hindi pinababayaan ang kanyang sarili kahit gaano pa siya kaabala sa kanyang mga tungkulin sa Islâm. Ang panlabas na anyo ng tao ay hindi maaaring ihiwalay sa kanyang panloob na kalikasan. Ang isang mabini at kaaya-ayang anyo ay nababagay sa isang kagalang-galang at disenteng tao. Ito ang dapat maging anyo ng isang Muslim na nagnanais mag-anyaya sa iba tungo sa landas ng Allâh.

Ang isang matalinong Muslim ay nalalaman at ginagampanan ang pangangailangan ng kanyang katawan, isip at kaluluwa. Ang bawa't isa'y binibigyan niya ng kaukulang pansin. Hindi siya

nagmamalabis sa isang bahagi kapalit naman ng pagpapabaya sa iba.

Isinalaysay ni Abdullah ibn Amr ibn al-As na ang kanyang pagmamalabis sa pagsamba ay umabot sa kaalaman ni Propeta Muhammadﷺ. Minsan siya ay kinausap ng Propetaﷺ:

*Totoo ba ang aking narinig na ikaw ay nag-aayuno nang buong araw at gising ka sa buong magdamag sa pagdarasal ?* Siya ay sumagot: *Siyang tunay O Sugo ng Allâh.* Pinayuhan siya ng Propeta: *Huwag mong gawin iyon. Mag-ayuno at ihinto ang pag-aayuno (sa takdang oras). Matulog at tumayo. Sapagka't ang iyong katawan ay may karapatan sa iyo, ang iyong mata ay may karapatan sa iyo, ang iyong asawa ay may karapatan sa iyo, at ang iyong mga panauhin ay may karapatan sa iyo.* (Bukhari at Muslim)

Iniingatan ng isang Muslim ang kanyang katawan upang magkaroon ng magandang kalusugan at lakas. Katamtaman ang kanyang pagkain at pag-inom – iniiwasan ang katakawan at kanyang iniubos kung alin lamang ang kailangan upang mapanatili ang kanyang kagalingan at sigla. Ito ay naaayon sa pahayag ng Allâh sa Banal na Qur'aan:
*...kumain at uminom: subali't huwag mag-aksaya sa pagmamalabis, sapagka't hindi minamahal ng Allâh ang mga mapag-aksaya.* (Kabanata Al-A'raf, 7:31)

Nagbigay-payo si Propeta Muhammadﷺ hinggil sa katamtamang pagkain at pag-inom:

*Ang tao ay wala nang nilamnan na sisidlan na higit na malala kaysa sa kanyang tiyan. Sapat na sa angkan ni Adan ang ilang subo upang makatindig nang tuwid. Subali't kung ito ay kailangan, nararapat na lamnan lamang ang ikatlong bahagi nito ng pagkain, ang ikatlo ng inumin, at iwanang walang laman ang ikatlo.* (Ahmad, Al-Tirmidhi atbp)

Bagaman karaniwang tinatamasa ng isang Muslim ang magandang kalusugan dahil sa kanyang pag-iwas sa mga ipinagbabawal (Haram) na pagkain at inumin, at ang kanyang pag-iwas sa pagpupuyat o paggumon sa mga bagay na maaaring makapinsala sa kanyang kalusugan, siya ay nagsisikap pa ring mapahusay ang lakas ng kanyang pangangatawan. Kung nais niyang matamo ang kapakinabangan ng paghehersisyo, palagian niyang isinasagawa ito at hindi niya dapat kaligtaan ang pagsagawa nito. Lahat ng ito ay ginagawa niya sa isang maayos na pamamaraan, subali't sa katamtamang kalagayan dahil ito ang katangian ng isang Muslim sa bawa't lugar at panahon.

Ang mga Muslim ay nararapat na may mataas na antas sa kalinisang pangkatawan – laging naliligo at nagpapabango. Ang isang tunay na Muslim ay pinananatiling malinis ang kanyang pananamit (panloob at panlabas) – lagi nang sinisiyasat na ito ay malaya sa anumang di-kanais-nais na amoy. Lagi rin niyang iniingatan ang kanyang bibig, sapagka't walang dapat makaamoy ng di-kalugud-lugod na amoy mula sa kanyang hininga. Lagi siyang naglilinis ng ngipin sa pamamagitan ng sepilyo at pasta o siwak o anumang likidong pangmumog. Kung may suliranin hinggil dito, dapat siyang sumangguni sa dentista o dalubhasa sa ngipin upang mapanatiling malinis at mabango ang hininga.

Ang kalinisan ng bibig ay sadyang binigyang-diin ng Propeta ﷺ nang kanyang sabihin: *Kung hindi lamang sa maaaring maging labis na pabigat sa aking Ummah (pamayanang Muslim), ipinag-utos ko na sana sa kanila ang paggamit ng siwak bago ang bawa't Salâh.* (Bukhari at Muslim)

Ang isang tunay na Muslim ay laging maingat sa kanyang mga damit, kaya naman makikita mo siyang may kasiya-siyang anyo, subali't malaya naman sa pagmamalabis. Kanais-nais siyang makita at makatagpo – na sadyang taliwas sa isang nagbibigay yamot sa tao dahil sa kanyang walang-ingat at gusot na gusot na anyo. Lagi niyang sinisiyasat ang sarili bago siya lumabas upang

makipagkita sa tao. Sinisikap niyang kalugud-lugod ang anyo katulad ng ginagawa ng Propeta ﷺ sa kanyang pagharap sa kanyang mga kasamahan at kanyang pamilya. Sa isang talata sa Banal na Qur'aan ating mauunawaan ang ganito:

*Sabihin: Sino ang nagbawal sa gayak ng pananamit na ibinigay ng Allâh, na Kanyang ginawa para sa Kanyang mga alipin...* (Kabanata Al-A'raf, 7:32)

Si Al-Qurtubi ay nagsabi: *Sinabi ni Makhul mula kay A'ishah : Isang pangkat na kasamahan ng Propeta ang naghihintay sa kanya sa may pintuan, kaya siya ay tumayo upang salubungin sila. May isang lalagyan ng tubig sa bahay, at siya'y dumungaw dito upang aninagin ang sarili, inayos ang kanyang balbas at ang kanyang buhok. Tinanong siya ni A'ishah, O Sugo ng Allâh, ginagawa mo rin ito ? Siya'y sumagot: Oo,. kapag lumabas ang tao upang makipagkita sa kanyang mga kapatid, hayaan siyang ihandang mabuti ang sarili, sapagka't ang Allâh ay kaibig-ibig at minamahal ang magandang anyo.*

Ang lahat ng ito ay ginagawa ng isang Muslim ayon sa katuruan ng Islâm na maging katamtaman, umiiwas sa kapuwa pagmamalabis at pagpapabaya:

At sila, na kung gumugugol ay hindi mapagmalabis o hindi rin naman mahigpit bagkus nasa katamtamang pamamaraan sa pagitan niyaon (ng kalabisan at kakulangan). (Kabanata Al-Furqan, 25:67)

Ang mga tagasunod ng Islâm, lalo na ang mga tagapagpalaganap ng Mensahe nito ay nararapat na maging bantog sa mga pagtitipon sa isang kaaya-ayang anyo. Ang pagpapabaya sa sarili sa ngalan ng kababaang-loob, at pagkakait o pagtitimpi sa sarili sa mga materyal na bagay ay hindi bahagi ng Islâm. Si Propeta Muhammad ﷺ na siyang huwaran sa kababaang-loob ay lagi nang nakabihis nang maayos at laging humaharap sa kanyang pamilya at sa kanyang mga kasamahan sa kasiya-siyang anyo. Ang mahusay na pananamit

at ang maayos na anyo ay itinuturing niyang pagpapakita sa mga biyayang ibinibigay ng Allâh.

*Nais makita ng Allâh ang mga tanda ng Kanyang mga biyaya sa Kanyang alipin.* (Al-Tirmidhi at Al-Hakim)

Si Ibn Al-Mubarak, Al-Tabarani, Al-Hakim, Al-Bayhaqi at iba pa ay nagsalaysay na si Omar ay nagsabi: *Nakita ko ang Sugo ng Allâh na humingi ng isang bagong kasuotan. Kanyang isinuot ito at nang ito ay umabot sa kanyang tuhod siya'y nagsabi: Purihin ang Allâh, na Siyang nagbigay ng damit sa akin bilang pantakip sa aking sarili at mag-anyong kasiya-siya sa buhay na ito.*

Ang isang dahilan kung bakit ang isang Muslim ay umiiwas sa pagbibihis nang mabuti at pag-sasaayos ng hitsura sa mata ng tao ay ang paghahangad na maging malaya siya sa anumang pagmamalaki at pagmamataas. Dapat nating tandaan na ang kaisipang ito ay malayo sa itinuturo ng Islâm hinggil sa pagmamalaki. Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi:

*Sinumang may pagmamalaki sa kanyang puso kahit kasingkaki lamang ito ng isang butil ng alikabok, siya ay hindi makapapasok sa Paraiso. Isang tao ang nagtanong, Papaano na kung nais niyang isuot ang kanyang damit at sapatos upang maging mabuti ang anyo? Ang Propeta ﷺ ay nagsabi, ang Allâh ay kaibig-ibig at minamahal ang magandang anyo. Ang pagmamalaki ay pagtakwil sa katotohanan at pagtingin nang mababa sa ibang tao.* (Muslim)

Sa pagmamasid ng isang Arabo na masipag ding tumutulong sa paghahatid ng Mensahe ng Islâm sa mga banyagang manggagawang nakatalaga sa Riyadh, sinabi niya sa akin na kanyang napuna na kapag yumakap na sa Islâm ang ibang Pilipino, tila nagpapabaya na siya sa kanyang pamimihis at sa kanyang kabuuang anyo – na dati rati'y may magarang pananamit, maayos na anyo at matikas ang tindig. Ngayong Muslim na sila'y lukot ang damit, gusot ang buhok at animo'y basang-sisiw ang anyo. Ito

marahil ay sanhi ng kanilang maling pananaw na ang pagbibihis nang mabuti at pangangalaga at pag-aayos sa kabuuang pisikal na anyo ay taliwas sa pagiging mapagkumbaba.

Dapat nating tandaan na hangga't ang pagpapanatili ng kaayusan sa sarili ay malaya sa anumang pagmamalabis, magkagayon ito ay bahagi ng kagandahang pinahihintulot ng Allâh sa Kanyang mga alipin at iniuutos pa man din ito sa kanila.

*O angkan ni Adan! Isuot ang inyong magagandang damit sa lahat ng pook dasalan: kumain at uminom, subali't huwag mag-aksaya sa pagmamalabis, sapagka't hindi minamahal ng Allâh ang mga mapag-aksaya.* (Kabanata Al-A'raf, 7:31)

**8. Pagkakaroon ng Mithiin (Ambisyon)**

Ang tunay na Muslim ay hindi lamang nabubuhay para sa mismong sarili at sa buhay ng pamilya, bagkus nabubuhay siya para sa *Ummah* (pamayanang Muslim) katulad ng isinakatuparan ni Propeta Muhammadﷺ . Kaya naman, ang ambisyon o mithiin ng isang Muslim ay maging kapaki-pakinabang sa buong *Ummah* – ang makipaglingkod sa pamayanang Muslim sa abot ng kanyang makakaya.

Nang tanungin ni Abdullah bin Shaqeeq si Aisha (nawa'y kalugdan sila ng Allâh) kung ang Propetaﷺ ay lagi nang nagsagawa ng Salah nang nakaupo, siya ay sumagot, *Oo, matapos siyang igupo ng tao.* (Imaam Ahmad, Muslim at Abu Dawood)

Ang Propeta ﷺ ay lagi nang pinakikitunguhan ang tao, sinasalubong sila, at siya'y maalab na namamaalam sa kanila. Kanyang inaatasan sila, pinagpapayuhan sila, nakikisalamuha sa kanila, at tinitiis ang kanilang mga pagkakamali – hanggang sa nagupo siya tungo sa panghihina ng kanyang katawan, at nagdasal na lamang siyang nakaupo at pumuti ang kanyang buhok.

Ang pangarap ng isang Muslim, lalo na sa larangan ng Da'wah ay hindi nahihinto sa sarili at sa pamilya. Nararapat na siya'y gumawa ng mga hakbangin, ayon sa kanyang kakayahan, sa ikabubuti hindi lamang ng kanyang sarili at kanyang asawa't anak, bagkus pati na rin sa kanyang mga magulang, kapatid, kamag-anak, kapitbahay, lipunan at sa kabuuang Ummah. Siya'y nararapat na gumawa ng mga paraan at mag-isip ng mga panukala sa ikauunlad ng sumusunod ng henerasyong Muslim – pagpapagawa ng mga paaralan, paglilimbag ng mga aklat, pagtatayo ng mga Halal na kalakalan, pagtatayo ng mga pagamutan, pagpapaaral ng mga matatalinong kabataan, at iba pang mga panukala upang umunlad ang Ummah.

Ang dapat maging ambisyon ng isang Muslim ay ang maabot ang pinakamataas na antas ng isang Muslim – ang pagiging Muhsin. Sinisikap niyang maabot ang higit na mataas na antas. Ginagawa niyang huwaran ang mga mabubuting Muslim. Nararapat sa isang Muslim ang magkaroon ng isang masigasig na kaluluwa na walang kinikilalang hangganan sa pagpapakabuti at pagsasanay, at hindi siya tumitigil sa paggawa ng mabuti hanggang sa marating niya ang Jannah, Inshallâh!

## Kabanata - 7
## Mga Uri ng Da'wah Ayon sa Bilang ng Nakikinig

### 1. Pang-isahang Da'wah

Isinasagawa ito nang may isa, dalawa o tatlong tagapakinig. Kadalasan, isinasagawa ito nang walang anumang paghahanda sa dahilang ito ay nangyayari nang di-inaasahan o kaya'y ang kalagayan o pagkakataon ay tama at kasiya-siya upang mag-Da'wah.

### Mga Katangian ng Pang-isahang Da'wah

1. Ito ay lagi nang nangyayari, at ang bawa't isa'y makatatagpo ng pagkakataon upang isagawa ito sa loob ng maghapon.

May mga pagkakataon na dapat basahin ang ilang bahagi ng panayam. Halimbawa, ang pagbabasa ng mga Hadeeth, mga talata sa Banal na Qur'aan, mga itinakdang alituntunin o batas at anupamang mga bahagi na kailangang ihayag nang titik sa titik.

**7. Pagbibigay-Lakas sa Sarili.**

Matapos na ipakilala ka, huwag kaagad tumayo bagkus manatiling nakaupo ng ilang saglit. Tingnan ang mga tagapakinig at tumingin sa mata na ilang mga naroroon. Ipaalaala sa sarili na kailangang marinig nila ang iyong sasabihin, na ang iyong sasabihin ay sadyang mahalaga, at may kaalaman ka sa paksang tatalakayin. At higit sa lahat, laging hingin sa Allâh na nawa'y tulungan ka Niya sa iyong sasabihin, katulad ng panalangin ni Propeta Moises sa Allâh:

*O aking Rabb (Panginoon)! Buksan Mo sa akin ang aking dibdib, at gawing magaan sa akin ang aking tungkulin. At luwagan ang buhol sa aking dila upang maunawaan nila ang aking sasabihin.* (Kabanata Ta'Ha, 20:25-28)

Inshallâh, sa pamamagitan nito, ang talumpati ay maisasagawa nang may lakas, sigla at tiwala sa sarili.

**8. Maging Matapat.**

Maniwala sa iyong sasabihin. Makukuha ang damdamin ng iyong tagapakinig sa pagiging matapat. Nagbubunga rin ito ng paniniwala at tiwala ng tagapakinig. Sinumang magsalita mula sa kanyang puso ay kanyang maaabot ang damdamin ng mga tagapakinig.

**9. Isaalang-alang ang Kalagayan ng Tagapakinig.**

Ang mga mahuhusay na mananalumpati ay lagi nang may kamalayan sa kanilang kapaligiran. Lubhang mainit ba ang kinalalagyan? Giniginaw ba ang mga tagapakinig? Malalim na ba ang gabi at nais na bang umuwi ang mga tagapakinig? Kung ang

mga tagapakinig ay nasa di-magandang kalagayan, gumawa ng paraan upang lalong mapaikli ang sasabihin kahit sa iyong palagay ay sadyang mahalaga ang tatalakayin.

Minsan, naanyayahan ang inyong kapatid na magbigay ng panayam sa mga kapatid na Muslim. Sa dami ng ibang tagapagsalitang nauna na sa akin, sadyang gutom na ang mga tagapakinig dahil sa inabot na kami ng alas diyes ng gabi. Karagdagan nito'y naroroon na ang pagkain at naghihintay na lamang ng hudyat upang ihain na ito. Kaya nang tawagin nila ako upang magsalita, ako ay nagbigay ng panimulang panalangin (Du'a), nagbigay pagbati sa kanila, at nagsabi: *"Ang isa sa mga mahirap kausapin ay yaong taong naririnig ang pagkulo ng kanilang sikmura dahil sa gutom. Kaya mga kapatid, ihain na natin ang pagkain at tayo'y magsalu-salo na!" "Alhamdullillaah! Allâh Akbar!"* ang malakas nilang tugon.

### 10. Maglahad ng mga Kasaysayan at Karasanasan.

Ang mga halimbawa sa buhay ng tao ay nagbibigay-buhay at kulay sa mga impormasyon ng iyong paksa. Higit na mauunawaan ng mga tagapakinig ang iyong nais iparating sa kanila sa pamamagitan ng mga simpleng istorya na likas na nangyayari sa buhay ng tao. Ang mga pangyayari sa buhay ng mga Propeta at gayundin ng mga naunang mga ulirang Muslim ay mahuhusay ng halimbawa at nagsisilbing inspirasyon sa mga tagapakinig.

## Kabanata - 9
## Mga Dapat at Hindi Dapat Gawin sa Da'wah

### Pag-aaral

1. Lahat ng Muslim ay dapat na may sapat na kaalaman sa mga pundamental, saligan o pangunahing katuruan ng kanyang pananampalataya upang magkaroon ng kakayahang ipaliwanag ito sa iba.

2. Huwag tumigil sa pag-aaral tungkol sa Islâm at sa iba pang larangan sa loob o labas man ng paaralan. Palaging magbasa at makinig ng mga aralin, panayam, talumpati at mga programang makatutulong sa kaalaman tungkol sa pananampalataya, agham, kalusugan, usaping pantao at kalikasan. Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi:

   *Ang isang mananampalataya ay hindi tumitigil sa paghahanap ng kaalaman hanggang sa siya ay makapasok sa Paraiso.* (Tirmidhi)

3. Kapag bumabanggit ng mga pahina sa Qur'aan, kailangang tama at buo ito. Isaulo ang mga talata sa mismong wikang Arabik o kaya'y ipaliwanag ang ibig sabihin nito sa ating wika. Ito ay makatutulong sa pagbibigay katibayan sa pagiging makatotohanan at tunay na pinagmulan ng iyong batayan.
   *...Sabihin, ipakita ang inyong katibayan kung kayo nga ay makatotohanan* (Kabanata Al-Baqarah, 2:111).

4. Huwag ibuhos ang panahon sa lagi nang pagbibigay-Da'wah kapalit naman ng pagpapabaya sa pag-aaral o pagbabasa. Kung papaano nangangailangan ang sasakyan ng gasolina upang maglakbay, gayundin naman ang pangangailangan ng isang Da'iyah na magkarga ng kaalaman upang higit na malayo ang marating sa larangan ng Da'wah.

5. Huwag malunod o padadala sa taas ng iyong pinag-aralan gaano man kalayo ang naabot o narating. Huwag maging dahilan ito upang maliitin ang kausap. Laging suriin ang sarili laban sa pagmamalaki, pagmamataas, at labis na pagpapahalaga sa sarili. Ang isang taong nagsasabing alam na niya ang lahat ay isang mangmang.

   Isang kapatid na Muslim na Arabo ang dumalaw sa isang tanggapang pang-Islâm sa Pilipinas. Siya ay nanatili roon ng dalawang linggo upang magkaroon siya ng ideya sa larangan ng

Da'wah sa Pilipinas. Bagaman hindi niya nauunawaan ang wikang Tagalog, dumadalo pa rin siya sa mga panayam na isinasagawa ng ating mga kapatid. Ayon sa kanya, may napansin siyang isang tagapakinig din na umiiling-iling kapag ang tagapagsalita ay bumabanggit ng mga katagang Arabik. Matapos ang panayam, nilapitan niya ito at tinanong kung siya ay marunong magsalita ng Arabik. Doon niya nalaman na siya pala ay nakapag-aral ng wikang Arabik sa loob ng ilang taon sa isang paaralan sa Pilipinas na wikang Arabik lamang ang itinuturo. Sa kanyang pagsasalita ng Arabik, sinabi rin niya sa Arabo na nakakahiya ang mali-maling pagbigkas ng tagapagsalita sa mga katagang Arabik. Ang tugon daw ng panauhing Arabo sa kanya ay ganito: *"Higit na makabubuti na turuan mo ang iyong mga kapatid sa tamang pagbigkas ng mga salitang Arabik, subali't ipinapayo ko rin sa iyo na ituloy mo ang iyong pag-aaral dahil hindi ka pa rin gaanong bihasa sa pagbigkas"*.

6. Makinig! Huwag sumama sa "usapan ng mga bingi" na ang bawa't panig ay matamang iniisip ang sariling binibigkas at hindi nakikinig sa sinasabi ng kausap. Ang pundasyon ng pagkakaunawaan ay ang handang pakikinig ng bawa't panig. Kung papaano mag-aral upang maging mahusay na tagapagsalita, gayundin dapat mag-aral upang maging mahusay na tagapakinig.

**Pagsagawa**

1. Mamuhay bilang isang matapat na Muslim. Higit na matimbang ang pagkakaroon ng magandang halimbawa kaysa sa pananalita lamang. Sadyang mahirap iparating sa kapuwa ang mga bagay na hindi naman isinasagawa ng nagsasalita.

2. Ang isang mabait, magalang, bukas-palad, magiliw, at mabuting Muslim na naninirahan sa gitna ng mga di-Muslim ay may kahigtan sa pagpawi ng mga maling haka-haka tungkol sa

Islâm at sa mga Muslim. Higit na tinitingnan ang ugali ng tao kaysa sa kanyang sinasabi.

3. Laging suriin ang layunin bago magbigay Da'wah. Makakamtan lamang ang gantimpala ng Allâh kung ang ating layunin ay magbigay kasiyahan lamang sa Kanya. Hanapin ang kasiyahan ng Allâh at hindi ang paghanga ng iyong kapuwa sa iyo.

4. Kung hindi kayang magsalita sa pagbibigay Da'wah, kailangang tangkilikin, tumulong, tustusan o itaguyod ito sa ibang paraan. Mamigay ng mga babasahing pang-Islâm, magbigay ng tulong pananalapi sa mga isinasagawang Da'wah, makilahok sa mga panayam at tingnan kung ano ang maitutulong sa oras na Da'wah, atbp.

**Paghahanda**

1. Maging handa sa tatalakayin lalo na sa isang Da'wah na may inaasahang maraming tagapakinig. Wala nang hihigit pa sa isang masusing paghahanda upang maging maliwanag at maging maayos ang daloy ng pagpapaliwanag. Gawin ang dapat gawin tungo sa isang mahusay na paghahayag at ipaubaya sa Allâh ang magiging bunga nito.

2. Higit na kailangan ang maraming tumatahak sa larangan ng Da'wah. Ang pag-anyaya sa iba upang magsanay tungkol dito ay isang magandang hakbang. Anyayahan ang mga kapatid upang sumama sa iyo tuwing may Da'wah bilang pagsasanay.

**Pagtitiis/Pagtitiyaga**

1. Huwag umasa ng dagliang bunga ng Da'wah. Kadalasan, ang pagyakap ng isang tao sa pananampalatayang Islâm ay sanhi ng mahaba at unti-unting pagsulong ng kanyang kalooban sa

paghahanap ng katotohanan. Katulad ng isang prutas, unti-unti itong mahihinog mula sa pagkabubot at pagkamanibalang.

2. Huwag magpadala sa iyong pag-asam at kagalakang makapag-bigay-Da'wah. Kapag nakita mo sa mukha at kilos ng iyong tagapakinig ang pagkabalisa at kawalan ng interes, itigil ang Da'wah at gumawa ng paraan tungo sa pagbabago ng situwasiyon.

3. Marami sa Muslim ang umiiwas sa pagbibigay-Da'wah sa pag-aakalang kaunti lamang ang maitutulong tungkol dito. Huwag maliitin ang iyong kakayahan sa Da'wah. Sa tamang layunin at tulong ng Allâh, ikaw ang magsisilbing binhi ng pagbabago ng maling pananaw tungkol sa Islâm at sa mga Muslim.

4. Maging matiyaga. Huwag talikuran o ipagwalang-halaga ang sinumang kausap na tila sarado ang kaisipan o kaya'y may pagkapilosopo, baka siya pa ang tumanggap ng Islâm sa hinaharap.

   Isa sa aming karanasan sa pagbibigay Da'wah ay noong magkaroon kami ng isang panayam na ginanap sa isang pagawaan ng mga sasakyang tila mga bahay na mayroong sala, silid tulugan, banyo, kusina at may aircondition pa. Ang mga ito ay ginagamit ng mga mayayaman sa kanilang matiwasay at maginhawang paglalakbay. Dumalo sa nasabing panayam ang maraming kababayang Pilipino na nagtatrabaho doon. Makalipas ang pagsasalita ng mga kapatid sa iba't ibang paksang nakatalaga sa kanila, dumako na kami sa bahaging tanong at sagot. Isang kababayan na mga 40 taong gulang ang unang nagtaas ng kamay at nagtanong: *Nasabi ninyo kanina na ang paninigarilyo ay nagdudulot ng masama sa katawan kaya naman ito ay bawal sa Islâm. Magkagayun, bakit hindi ito ipinagbabawal ng World Health Organization?* Bukod pa sa paksa ng kanyang tanong na animo'y may pagkapilosopo, siya ay nakapamaywang, nakatagilid ang katawan at tila galit na

tinitingnan mula ulo hanggang paa ang pinagtatanungan. Hindi inalintana ng ating kapatid na Da'iyah ang paraan ng pagkakatanong at malumanay namang sinagot ito nang maliwanag: *Ang WHO, sa sarili nito ay hindi maaaring magbawal ng anuman hangga't ang isang usapin ay napag-usapan at napagkasunduan ng lahat ng bansang kasapi ng United Nation. Maaaring maglimbag lamang ng mga babasahin ang WHO upang magbigay babala na ang paninigarilyo at iba pang mga bisyo ay may masamang idudulot sa kalusugan ng tao.*

Makaraan ang ilang pang mga katanungan at pagbibigay ng kaukulang kasagutan, kami ay magtanong kung sino ang nagnanais yumakap sa Islâm. Sa aming pagkamangha at pagkatuwa, siya rin ang unang nagtaas kamay at nagsabi ng Shahadatain (ang pagsaksi sa kaisahan ng Allâh at ang pagsaksi sa pagiging Sugo at Propeta ni Muhammad ﷺ). Pagkaraan niya'y sumunod ang ilan sa kanyang mga kasama sa pagyakap sa Islâm. Alhamdullillaah !

5. Iwasan ang pamimilit sa tao na tanggapin ang Islâm. Huwag pagurin o maglagay ng anumang pamimilit sa tagapakinig. Ang isang matapat na di-mananampalataya ay kaunti ang panganib sa lipunan kaysa sa isang nagkukunwaring Muslim.

   *Walang sapilitan sa pananampalataya. Sadyang mangingibabaw ang katotohanan sa kamalian...* (Kabanata Al-Baqarah-2:256)

## Pagpapakumbaba

1. Maging mapagkumbaba. Huwag umasa sa kakayahang baguhin ang kalooban ng iba. Ang tanging tungkulin natin ay ibigay ang Mensahe, at nasa kamay lamang ng Allâh ang pagbibigay patnubay.

Hindi lamang minsan na napapakinggan ko sa ilan sa mga kapatid nating Da'iyah na kapag nakakita ng isang kapatid na Muslim na bumigkas ng Shahadah (pagsaksi ng pananampalataya) sa kanya ang nagsasabi: *"Ako ang nagpa-Muslim niyan!"* Ang pananalitang ito ay hindi naaayon sa ating paniniwala na ang Allâh lamang ang nagbibigay gabay sa tao. Hindi pa ba sapat ang isang Du'a na laging nating naririnig: *Sinumang pinatnubayan ng Allâh ay walang makapagliligaw sa kanya, at sinumang nasa ligaw na landas ay walang makapaggagabay sa kanya maliban sa Allâh.*

Kapag itinanim ng isang Da'iyah sa kanyang isipan at puso na siya mismo ang nakapaggabay sa isang tao, magdudulot ito ng kanyang sariling kapahamakan at pagkapariwara.

2. Kung hindi kinakailangan, iwasan ang laging paggamit ng unang pantaong "Ako", "Ko", at "Akin". Ito ay nagpapakita ng pagpapataas ng sarili. Gayundin naman, hangga't maaari, iwasang gamitin ang mga panghalip na "Ka", "Ikaw", "Mo" at "Iyo" – dahil ang mga ito ay nagpapahiwatig ng pagmamataas at pagmamando.

3. Ang kaligtasan ay nasa Habag ng Allâh. Kaya isipin lagi na baka ang kausap ay higit na kinahahabagan ng Allâh kaysa sa iyo. Ito ay mahusay na paraan laban sa rasismo.

**Pagkamatapat**

1. Maging matapat sa pangungusap. Huwag mag-atubiling sabihin "Hindi ko alam". May mga bagay na hindi pa dumating sa ating kaalaman. Higit na mabuti ang sabihing "Hindi ko pa alam iyan, hayaan mo't itatanong natin iyan sa mga dalubhasa". *'Ang pagsasabi ng hindi ko alam ay kalahati ng kaalaman'.* (Abu Dawud)

Isa sa mahirap gawin ng tao ay ang pagtanggap nang hayagan sa kanyang kahinaan at kamalian. Bilang isang Da'iyah, nararapat na manatiling matapat sa lahat ng katayuan. Hindi isang kabawasan sa katauhan ang pagiging matapat manapa'y hahangahan at igagalang ng mga tagapakinig ang iyong pagiging tunay. Kung hindi batid ang kasagutan sa anumang katanungan lalo na't hinggil sa Islâm, huwag magsinungaling o maggawa ng sariling sagot. Maging matapat at magsabi, "Pasensiya na kayo, wala akong maisasagot sa tanong mo sa ngayon, padadala ko na lang sa iyo ang kasagutan." Tiyakin lamang na kunin ang kanyang tirahan at telepono.

**Pag-iingat**

1. Huwag magsalita ng anumang nakagagalit o nakasusugat ng damdamin sa tagapakinig. Huwag magbigay ng mga aklat o cassette tape na naglalaman ng mga masasakit na pangungusap o pangungutya sa kanilang paniniwala. Ito ay nauuwi sa pagdepensa ng kanilang paniniwala sa halip na pang-unawa sa nais mong iparating.

2. Magtatag ng isang kapaligirang may pagkakaunawaan, pagkakasundo at pagkakaibigan bago magsimula ng Da'wah. Sadyang mahirap magsagawa ng pag-anyaya sa mga kalagayang may hidwaan at kaguluhan.

3. Alisin ang poot sa iyong dibdib sapagka't mahahayag at mahahalata ito sa bibitiwang pangungusap. Ituring ang mga di Muslim na nasa kadiliman na kailangan ng iyong pag-akay tungo sa liwanag.

4. Iwasan ang pag-aakala o pagpapalagay sa paniniwala ng iba. Maaaring may iba't ibang pananampalataya ang mga tagapakinig liban sa Kristiyanismo kahit silang lahat ay Pilipino. Na magkaminsa'y kahit mga Kristiyano'y hindi naniniwala sa kalakhang doktrina ng simbahan.

5. Kapag nakita na sa mukha at galaw ng katawan ng iyong tagapakinig ang pagkainip o kawalan ng pagkawili, maglubay at itigil ang Da'wah. Higit nating dapat bigyan ng panahon yaong handang makinig.

6. Iwasan ang mabalasik at magaspang na pakikitungo sa tao. Ang kagaspangan ng pamamaraan sa pagharap at kawalang-galang sa pagtawag sa tao sa Islâm ay taliwas sa itinuturo ng Qur'aan at ng Sunnah.

   *Mag-anyaya tungo sa Landas ng inyong Rabb (Panginoon) nang may Hikmah (tamang kaalaman) at magandang pangangaral, at mangatuwiran sa kanila sa paraang higit na mahusay.* (Kabanata Al-Nahl- 16 :125)

7. Iwasang bigyan ng anumang dahilan ang iba upang lapastanganin ang pangalan ng Allâh at ng Propeta sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagbatikos at pag-insulto sa kanilang pananampalataya. At huwag alipustain o insultuhin ang kanilang sinasamba, at baka insultuhin nila ang Allâh na hindi nila namamalayan.

   *At huwag insultuhin ang kanilang sinasamba nang hindi nila insultuhin ang Allâh nang may kamalian (at) walang kaalaman.* (Kabanata Al-An'am, 6:108)

   Isa sa laman ng pakikipag-usap ng ibang Daíyah ay ang pamumuna o pamimintas sa pananampalataya ng iba. Ito'y may halong panlilibak, panunuya at nagiging tampulan ng katatawanan. Dapat nating isipin na gaano man kalayo sa katotohanan ang pananampalataya ng iba, ito ay nakaugat na sa kanilang kaisipan at damdamin. Anumang pintas sa kanilang pinaniniwalaan ay nagsisilbing personal na hamon, hindi lamang sa kanila pati na rin sa pamilya at sa kanilang pamayanan. Ang ganitong kaganapan ay magtutulak sa kanila

na libakin at lapastanganin nang hindi sinasadya ang Allâh at maging ang ating Propeta.

**Pamamaraan**

1. Sa mga taong laging nakatatagpo, ang unti-unting pagbibigay ng Da'wah ay pinakamainam. Huwag pag-usapan lagi ang mga pang-relihiyong usapin sa bawa't okasyon, bagkus halinhinan ng ibang paksa.

2. Laging magbigay ng paayon o positibong kasagutan kahit na ang katanungan ay walang kinalaman sa pinag-uusapan. Subali't huwag gaanong bigyan ng panahon ang anumang bagay kapalit ng higit na mahahalagang paksa.

3. Magbigay ng Da'wah sa bawa't pagkakaroon ng pagkakataon; sa trabaho, sa bus, tren, eroplano, sa pagdalaw sa kaibigan, atbp. Magkagayunman, isaalang-alang ang kaugalian at kalagayan. Kapag ang kausap ay nag-iisa, siya ay higit na tumutugon, umaayon at mahinahon dahil malayo sa anumang sasabihin o aakalain ng iba.

4. May kasabihan sa Ingles, "Ends justify the means." (Ang kahihinatnan (resulta o bunga) ay nagbibigay-katuwiran ang pamamaraan). Hindi ito tinatanggap sa Islâm. Sa Da'wah at sa anumang aspeto ng pamumuhay, iwanan natin sa kamay ng Allâh ang magiging bunga, at tiyaking ayon sa itinuturo ng Islâm ang ating pamamaraan.

   Upang makalikom ng sapat na salapi para sa isang proyektong pangrelihiyon na isinusulong ng isang grupo ng ibang pananampalataya, sari-saring paraan ang ginagawa upang makamtan ang layuning makaipon ng pondo. Katulad halimbawa ng pagdaraos ng ripa (*raffle)*, pagpapalaro ng binggo, at magkaminsa'y paglulunsad ng isang timpalak kagandahan na kung saan ang pagboboto sa isang binibining

kalahok ay katumbas ng halagang babayaran. Ang paghingi ng abuloy sa mga taong lantad na masama ang pinanggagalingan ng kanilang yaman. Maaaring maganda ang layunin sa pagpapatayo ng anumang proyekto, subali't ito ay hindi pa rin tinatanggap sa pananampalatayang Islâm. Ang mga ganitong pamamaraan ay hindi pinahihintulutan sa Islâm dahil labis na ipinagbabawal nito ang anumang uri ng sugal, pagbibilad sa ganda at katawan ng kababaihan, at paggamit ng salaping galing sa katiwalian. Hindi naaangkop na gamitin sa isang malinis na bagay ang isang maruming kasangkapan.

5. Pigilin ang pagka-inis o pagsanggalang sa udyok ng mali, di-makatwiran o kaya'y pagbibintang ng kausap. Sa una pa man, bigyang-diin sa tagapakinig ang kahalagahan ng makatwiran at makatarungang talakayan. Kapag naanyayahan sa isang talakayan, sabihin nang pauna ang balangkas ng iyong programa, halimbawa: "Magsasalita po ako ng 15 minuto at pagkaraan po nito'y mayroon tayong bahaging "Question and Answer".

6. Isaalang-alang ang damdamin ng tagapakinig. Bagaman batid ng Allâh na si Pharoah ay isang malupit na di-mananampalataya, inutusan pa rin si Moises na makipag-usap sa kanya nang malumanay.

   *At makipag-usap sa kanya nang mahinahon, sakaling tumanggap siya ng paalaala o matakot (sa Allâh).* (Kabanata Ta-Ha, 20:44)

   Hindi ba higit nating tupdin ang pag-uutos na ito ng Allâh sa pakikitungo natin sa mga karaniwang tao?

7. Kausapin ang tao ayon sa antas ng kanyang kakayahang pang-isip (talino), pang-unawa at kinalalagyan. Sa kabilang banda, huwag sumuong sa isang usapang kulang ang inyong kaalaman sa paksa, lalo na ang kausap ay dalubhasa sa larangang ito.

8. Higit na mainam na kaaya-aya at masigla ang usapan. Ang pagbanggit ng mga nakatutuwang mga pangyayari sa buhay na may kaugnayan sa tinatalakay ay nagbibigay-sigla sa tagapakinig at higit na madali nilang maunawaan ang nais iparating. Magkagayunman, ang pagpapatawa ay hindi dapat malaswa, walang halong paninirang-puri o kawalan ng paggalang.

9. Huwag simulan ang Da'wah sa mga ipinagbabawal o mga tungkuling rituwal sa Islâm. Higit na mabuti na ipaliwanag muna ang tamang paniniwala sa Diyos, kung sino Siya at papaano Siya sambahin.

10. Kapag pinag-uusapan ang mga Haram, talakayin ang mga aspeto nito sa ispirituwal, moral, kalusugan, lipunan, at kaisipan.

11. Ang matalinong Da'iyah ay nakababatid na higit na mahalaga ang makuha ang simpatiya at magandang ugnayan ng tao kaysa talunin ito sa isang mainitang debate o pagtatalo.

12. Huwag gawing paksa ang ibang pananampalataya, paglalahad ng kanilang kamalian, at pagpuna o gawing katatawanan ang kanilang paniniwala. Likas sa tao na masaktan kapag ang kanilang kamalian ay ilalantad.

13. Ang pagdedebate ay maaaring kaakit-akit sa mga Muslim, subali't maaaring isang pasakit at pahirap sa mga di-Muslim. Ang pasakit ay hindi makakukuha ng simpatiya ng puso. Maaaring manalo ka sa debate subali't lumayo naman ang kanilang puso.

    Ang pagsuong sa pakikipagdebate ay kadalasang humahantong sa pagtatalo, pagsisinungaling, paghamak at pangungutsa sa kadebate upang masabi ng mga tagapakinig na siya ay tama at ang kanyang katunggali ay mali.

Sa isang lalawigan ng Mindanao, isang debate ang naganap sa pagitan ng isang Da'iyah at pastor ng isang sekta ng Kristiyanismo. Ito ay idinaos sa isang malaking plaza. Dahil matunog ang balita hinggil dito, dinaluhan ito ng maraming Kristiyano at Muslim. Ang paksa ay nauukol sa batayan ng pananampalataya. Unang binigyan ng pagkakataong magsalita ang Muslim na Da'iyah. Pagkaraan ng mahabang pananalita siya ay nagsabi: *"Ang Bibliya ay walang orihinal na kopya – kaya naman, ang batayan ng mga Kristiyano sa kanilang pananampalataya ay nasasalig lamang sa "Translation" o pagkasalin nito, na kahit sa hukuman o husgado ay hindi tatanggapin dahil wala ang orihinal upang pagtibayin ito".* Masigabong palakpakan ang naging tugon ng tagapakinig!

Mukha namang nabahala at kinakabahan ang ilang mga Kristiyanong naroroon, nguni't tila hindi natinag ang kanilang pastor at walang anumang nakikitang bagabag sa kanyang mukha. Siya ay malumanay na tumayo at lumapit sa mikropono at maginoo niyang ibinigay ang kanyang talumpati – sa bandang huli'y kanyang sinabi: *"Ang ating minamahal na Muslim na naririto ngayon sa entablado, kahit anong angulo ko siya tingnan ay lahing Pinoy naman at ang hitsura ay malayo sa pagiging lahing Arabo. Kung tama ang aking sapantaha na siya ay Pilipino, samakatuwid salin din naman ang kanyang pinagbabatayan sa kanyang pananampalataya dahil ang Qur'aan ay nasusulat sa Arabik"*!

Tumanggap din siya ng masigabong palakpakan mula sa mga naroroon. Itinaas niya ang kanyang dalawang kamay bilang hudyat na tumahimik muna at siya ay nagsabi sa tagapakinig: *"Sandali lamang po".* Binuksan niya ang kanyang bag at inilabas niya ang isang pahayagan. *"Ito po ay isang pahayagan sa wikang Arabik na nanggaling pa sa Gitnang Silangan. Tingnan nga natin kung marunong ngang magbasa ng Arabik ang ating kaibigan!"*

Nakanganga ang maraming Muslim na naroroon at tila sila ngayon ang nababahala at baka nga hindi marunong magbasa ng Arabik ang kanilang "bayani". Tumayo ang ating kapatid na Da'iyah at kinuha ang pahayagang dala ng kanyang kadebate. Tiningnan niya ito at nagsimulang magbasa: *"Qul huwa laho ahad, Allâhus-samad, lam yalid wa lam yulad, wa lam yakunlahu kufuwan ahad." Gusto mo pa ba?* Ang tanong niya, at binuksan ang pahayagan sa ibang pahina at nagsabi: *"Qul audhu birabin-naas, malikin-naas, ilaihin-naas, minsiari was wasil kannaas, alladi was wisu fi sudurinnaas, min aljinnati wannaas." Gusto mo pa ba? ...* Malaking sigawan, tawanan at palakpakan mula sa mga Muslim dahil alam nila na nagpapalusot lamang ang kanilang kapatid na Da'iyah! Binanggit niya ang mga maiikling kabanata sa Banal na Qur'aan na kanyang naisaulo upang maikubli lamang niya ang kanyang kakulangan!

Ito ay isang tagpong humahantong sa pagsisinungaling, pangagantiyaw at pagbibiro ng mga Salita ng Allâh. Sa Banal na Qur'aan, ating mababasa:
*At iwanang mag-isa yaong ginagawang laro at libangan (katawa-tawa) ang kanilang pananampalataya, at nalinlang sa buhay sa daigdig na ito. Subali't iyong palalahanan sila nito (Qur'aan) nang hindi pagbayaran ng kaluluwa ang nakamtan, kapag natagpuan ang sariling walang tagapagligtas o tagapamagitan maliban sa Allâh, at kahit ihandog niya ang lahat ng pantubos, hindi ito tatanggapin sa kanya...* (Kabanata Al-An'am, 6:70)

14. Huwag humingi na paumanhin tungkol sa anumang aspeto ng Islâm. Ang Islâm ay isang lubos, ganap at perpektong relihiyon na ibinigay na Allâh sa sangkatauhan. Kaya walang dapat itago, ikahiya o ihingi ng paumanhin. Huwag mainis kapag ang alinmang aspeto ng Islâm ay pinupuna o itinatakwil. Ang tungkulin ay ipaliwanag lamang sa abot ng ating makakaya at

nalalaman. Tanggapin man nila ito o hindi, wala na sa ating pananagutan. Ito ay nasa kamay na ng Allâh.

**Malinis at Maayos**

1. Panatilihing maikli ang mga kuko sa kamay at paa, magpatubo ng balbas, putulin ang bigote, at mag-ahit ng balahibo sa kili-kili at sa maselang bahagi ng katawan.

2. Panatilihing malinis at maayos ang buhok, bigote at balbas. Gupitin ang anumang buhok na lumalabas sa mga butas ng ilong. Putulin ang bigote upang hindi umabot o lumampas sa mga labi. Sa madaling salita, gawing kaaya-ayang tingnan ang buhok, mukha at ang kabuuang anyo: pangangatawan at pananamit.
3. Ang mga pangunahing dahilan ng pagsusuot ng damit ay ang pagtakip sa mga bahagi ng katawan na dapat takpan at ang pangangalaga sa katawan laban sa anumang uri ng panahon – lamig o init. Kaya naman, ang pananamit ng kababaihan hindi dapat masikip o manipis upang maiwasang maaninag ang hubog ng katawan. Hinggil naman sa kalalakihan, ang pananamit ay hindi dapat masikip upang maiwasang bumakat ang kanyang maselang bahagi ng katawan.

4. Gumawa ng paraan upang maalis ang di-kanais-nais na amoy ng bibig, katawan at paa. Ang anumang masamang amoy na nanggagaling sa mga ito ay sadyang nakaaabala sa tao lalo na sa mga oras ng *Salâh* sa Masjid.

5. Ang paglilinis ng ilong o tainga, pagsinga ng uhog, at pag-alis ng plema sa lalamunan ay dapat itago sa paningin at pandinig ng tao. Sadyang di-kanais-nais at nakadidiring pag-aasal ang dumura kahit saan. Kung ito ay kailangang gawin, lumayo sa isang lugar na maaaring dumura o kaya'y gumamit ng napkin at itapon ito sa basurahan. Higit na mabuti ang pumasok sa palikuran upang gawin ang mga ito.

6. Itigil na ang paninigarilyo kung sakali mang biktima ng bisyong sa kasalukuyan. Ang mga dalubhasa sa kalusugan ay maliwanag na nagsasabing ito ay nakasisira sa kalusugan ng naninigarilyo pati na rin yaong nakalalanghap ng usok nito. Kahit hindi namamalayan ng mismong naniningarilyo, siya ay may masamang amoy hindi lamang ang kanyang hininga pati na rin ang kanyang damit. Ang mga taong hindi nagsisikap sa pagpapanatili ng magandang kalusugan ay hindi nag-iingat sa sarili – magkagayo'y nagkukulang sila sa pasasalamat sa Allâh sa pagkakaloob Niya ng katawan sa atin.

**Mapayapa**

1. Dapat na ipaabot lamang ang Mensahe ng Islâm sa isang mapayapang kapaligiran. Kaya naman, bilang mga Da'iyah nararapat lamang na umiwas sa anumang gawaing nagbibigay ng kaguluhan sa lipunan, pananakit sa kapuwa, at paninira sa ari-arian.

2. Huwag nating kalilimutan na ang literal na kahulugan ng Islâm ay Salaam (kapayapaan). Magkagayo'y ating iparating ang kapayapaan at iwasan ang di-kanais-nais na kaguluhan. Huwag bigyan ng puwang ang anumang paanyaya upang gumawa ng karahasan sa lipunan.

3. Ang ating bansa ay nagbibigay sa atin ng kalayaang magtayo ng Masjid, malayang pagsamba sa Allâh, malayang manirahan saan mang dako ng bansa at malayang maglakbay sa buong kapuluan, at higit sa lahat ay may laya tayong maghatid ng Mensahe ng Islâm sa mamamayan at may laya rin naman ang taong pumili ng relihiyong nais niya. Dapat lamang ituon ang gawain ng isang Da'iyah sa paghahatid ng Mensahe ng Islâm tungo sa pagkakaunawaan, kapayapaan at kaunlaran ng ating Ummah (pamayanan).

**Mahusay na Pinuno**

1. Ang Da'iyah ay nararapat na may taglay na katangian bilang isang mahusay na pinuno. Ang isang mahusay na pinuno ay higit na nagsisilbing tagapagturo o tagapagsanay kaysa pagiging tagapag-utos. Siya ay lagi nang maunawain, masigasig, matulungin, mapagtiwala, magalang at matiisin.

2. Ang mahusay na pinuno ay sumasangguni sa kanyang mga kasama tungo sa isang pagpapasiya. Siya ay nagtatanong at nakikinig sa kuro-kuro at opinyon ng kanyang mga kasama. Kung sa kanyang palagay ay maganda ang anumang panukala, hayagang sinasabi niya ito sa nagpanukala. Kung may kahinaan ang anumang suhestiyon, ipaliliwanag niya ito kung bakit.

3. Ang pagkakamali ay itinuturing ding tagumpay kung matututo mula rito. Dapat tandaan na tayong lahat ay nagkakamali maging ang tagapamuno, kaya naman tanggapin ang pagkakamali, iwasto ito, matuto mula rito, at magpatuloy upang maging maunlad, Inshallâh.

4. Ang kakayahang magpasiya ay katangian ng isang mahusay na pinuno. Ang pag-iwas sa pagbibigay-pasiya ay maituturing ding isang desisyon sa dahilang may mga pagkakataon na ang di-pagkilos hinggil sa isang usapin ay mabisang paraan upang matamo ang ninanais na bunga. Halimbawa, ang di-pagkilos o pagsasalita kapag nagagalit ay isang magandang pagpapasiya sa iyong sarili. Gayunpaman, ang tuluyang pagtalikod sa pagbibigay-pasiya sa ibang mga proyekto o usapin ay hindi nababagay sa isang mahusay na pinuno, katunayan iniwan niya ang kanyang tungkulin bilang isang pinuno.

   Sa pagpapasya, kailangang kumuha ng mga kaukulang impormasyon, isama ang mga kasapi sa pagsagawa ng isang proyekto sa simula pa lamang, at akayin sila sa bawa't hakbangin tungo sa katuparan ng panukala. Maingat na

timbangin ang lahat ng maaaring tupdin at gawin sa pagpapasiya.

Kapag nakapagpasiya na, maging matatag at huwag manisi o maghanap ng pagbibintangan sa pagdating ng anumang sagabal o pagsubok. Kung kailangang baguhin ang anupaman, gawin ito habang naglalakbay tungo sa minimithi. Ang barko ay hindi naglalayag sa iisang tuwid na landasin, naglalakbay ito sa pamamagitan ng sunud-sunod na maneobra.

Ang isang mahusay na pinuno ay may malawak na pananaw tungo sa kagalingan ng nakararami. Hindi siya tumitigil sa pag-iisip ng mga panukalang makapagbibigay-tulong sa kanyang kapuwa sa larangang pangrelihiyon, pangkabuhayan at panlipunan. Higit niyang binibigyang halaga ang kabutihan ng Ummah (pamayanan) ayon sa kanyang kakayahan, kaya naman siya'y handang magsakripisyo sa kapakanan ng nakararami.

Bilang paalaala sa mga Muslim sa pakikitungo nila sa kanilang pinuno maging sa maliliit na pangkat, si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi:

*Ang pakikinig at pagsunod sa namumuno ay tungkulin ng isang Muslim maging ito ay naaayon sa kanyang kagustuhan o hindi, hangga't hindi siya inuutusang gumawa ng bagay ng pagsuway sa Allâh, at kung ito man ay mangyayari hindi siya dapat makinig o sumunod.* (Baihaqi at Muslim)

## Masigasig at Masikap sa Hanapbuhay

1. Ang isang Dai'yah, at maging ang sinumang Muslim, ay nararapat na maging masipag at masinop sa kanyang pangangailangang pananalapi lalo na kung siya'y may sariling pamilya. Hindi naaayon sa isang mabuting Muslim na maging masipag sa paglalakbay sa pagbibigay-Da'wah o maging abala sa anupamang bagay subali't ang kapalit na bunga naman nito

ay paghihirap at pagkagutom ng kanyang pamilya. Isang malinaw na katuruan ng Islam at likas na tungkulin na ating pangalagaan ang sarili at ang ating pamilya. Ang pisikal na katawan ay nangangailangan ng sapat na pagkain at tubig upang mabuhay, kaya naman dapat tayong maging maingat at panatilihing malusog ang ating katawan – isang nakapaka-halagang biyaya sa atin ng Allâh. Dapat tayong magsikap at maging masipag upang kumita ng ikabubuhay nang sa gayo'y matupad ang ating tungkuling tustusan ang pangangailangan ng sarili at ng mga taong nasa ilalim ng ating pangangalaga. Ang sabi ni Propeta Muhammad ﷺ :

*"Ang bawa't isa sa inyo ay tagapangalaga at may tungkulin sa kanyang pinangangalagaan.* (Bukhari)

2. Ang buhay ng isang Muslim ay hindi lamang nakatuon sa kanyang pagganap sa mga rituwal na tungkulin, bagkus dapat siyang maging bahagi ng lipunan na kung saan ang bawa't isa ay nagsisikap na makakita ng marangal na hanapbuhay tungo sa kabutihan ng sarili, pamilya, at buong pamayanan. Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi:

   *Ang sinumang tinutustusan ang sarili sa pamamagitan ng malinis na hanapbuhay ay sumusunod sa aking Sunnah, at kung siya ay hindi nananakit ng kapuwa sa anumang paraan, siya ay nakatalaga sa Paraiso. Ang mga kasamahan niya ay nagsabi: 'O Propeta ng Allâh, napakamarami sa ngayon ang mga taong ganito'. Siya'y nagsabi: Sadyang napakarami nila kahit pagkaraan (ng panahon) ko.* (Tirmithi)

3. Ang mabuting Muslim ay hindi dapat maging pasanin o pabigat sa kanyang kapwa at sa kanyang lipunang ginagalawan, manapa'y isang responsableng kasapi ng sambayanan. Hindi siya umaasa sa limos ng kapwa bagkus gumagawa ng lahat ng mga katanggap-tanggap na paraan upang panatilihin ang kanyang dangal. Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi:

*Higit na mabuti ang kumuha ng lubid, magpasan ng isang bigkis na kahoy-panggatong at ipagbili ito. Sa gayo'y aalagaan ng Allâh ang inyong paggalang sa sarili, kaysa magpalimos sa tao na maaari kayong bigyan o pagkaitan. (Bukhari)*

4. Higit na mabisa ang pagiging Dai'yah kung may sapat na pangangailangang pananalapi. Magiging magaan sa kanya ang pagkilos at pagganap sa kanyang mithiing ipamahagi ang Mensahe ng Islam. Kadalasang iniuugnay ng tao ang kanyang naririnig sa anyo ng tagapagsalita. Kung ang isang Dai'yah ay may angking kalinisan sa katawan at pananamit at nakikita sa kanya ang mga biyaya ng Allâh, higit na bibigyang halaga ang mga sinasabi niya. Kaya naman, ang isang Muslim na may sariling hanapbuhay ay may higit na pagkakataong ayusin ang kanyang anyo upang makita sa kanya ang mga biyayang iginawad ng Allâh sa kanya. Mula sa isang katayuang walang sigla, katamaran at sa lagi nang paghingi sa tulong ng iba, sikapin nating baguhin ang sarili tungo sa pagkakaroon ng isang tama, maayos, at sapat na kabuhayan. Sa kabanata Ar-Rad, 13:11, ating mababasa:

*...Katotohanan, hindi babaguhin ng Allah ang kalagayan ng isang mamamayan hanggang hindi nila binabago ang kanilang mga sarili.*

-o0o-

## Panghuling Salita

Nawa'y tanggapin ng ating Dakilang Allâh ang munting pagsisikap na ito. Dalangin ko sa Kanya na ibilang ito sa talaan ng mabubuting gawa at ipagkaloob ang habag sa may akda tungo sa minimithing Jannah (Paraiso).

Nawa'y makatulong ito sa ating mga kapatid na Muslim na nagnanais makibahagi sa pagpapalaganap ng Mensahe ng Islâm sa pamamagitan ng tama, maayos at mapayapang pamamaraan upang matamo ang kasiyahan ng Allâh (Inshallâh).

Nais kong bigyan ng pagpapahalaga ang ating mga kapatid na tumulong sa pagsasaayos ng aklat na ito. Nawa'y matamo nila ang mabuti sa mundong ito at ang mabuti sa kabilang buhay.

Maraming Salamat.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Islâm, mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod na tanggapan:


***ISCAG – Philippines***
***Islamic Studies, Call & Guidance of the Philippines***
***Congressional Road, Salitran-I***
***Dasmarinas, Cavite***
***Philippines***
***Telephone No. 0063-46-4163371***
***Fax No. 0063-46-5061451***
***www.iscag.com***

***IL&IO***
***Islamic Library & Information Office***
***P.O.Main Box 52916***
***Stall-B, HL Commercial Building***
***Pandan Citicenter – Phase-I***
***Magalang Road, Angeles City***
***Philippines***
***Tel.No. 0063-45-8874577***

شعارنا قوله ﷺ :

"فقهوا أخاكم في دينه
وأقـــرؤوه القـــرآن .."

# مبـــادئ الدعوة

جمعه : خالد إيفرستو


المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد
بـالـصـنـاعـيـة الجـديـدة
**مركز العناية بالمسلمين الجدد**
هاتف: ٢٤٢٣٠٠٨ - فاكس: ٢٤٢٣٠٠١
ص.ب ٤٣٣٣٩ الـريـاض ١١٥٦١
حساب رقم: ١٤٤٠١/١ فرع ٢٨٢
شركة الراجحي المصرفية

The Cooperative Office for Call & Guidance at the Industrial Area
***Care Center for New Muslims***
Tel: 2423008 - Fax: 2423001
P.O.Box: 43339 Riyadh 11561




www.newmuslimguide.com